# ANG BISA NG DULANG PANSILID-ARALAN SA KASANAYANG KOMUNIKATIBO SA FILIPINO

---

Tesis na Iniharap sa

Kaguruan ng Paaralang Gradwado

Samar State Polytechnic College

Catbalogan, Samar

---

Bilang Bahagi ng mga

Gawaing Kailangan para sa

Degring Master sa Sining ng Pagtuturo

Medyor sa Filipino

---

CARMELITA C. ABDURAHMAN

Marso 1994

**DAHON NG PAGPAPATIBAY**

Ang tesis na ito na pinamagatang,**"ANG BISA NG DULANG PANSILID-ARALAN SA KASANAYAN KOMUNIKATIBO SA FILIPINO"** na inihanda at iniharap ni **Gng. CARMELITA C. ABDURAHMAN,** bilang isang bahagi ng pagtupad para sa degring Master sa Sining ng Pagtuturo, Medyor sa Filipino ay itinagubilin upang pagtibayin ng Lupon ng Tesis para sa isang Pasalitang Pa: gsulit.

**ULRICO B. MUSTACISA, Ed. D.**
Tagapayo

---

Pinagtibay ng Lupon sa isang Pasalitang Pagsusulit noong Marso 10, 1994 na may gradong **PASADO.**

**LUPON NG PAGSULIT**

**RIZALINA M. URBIZTUNDO,Ed.D.**
Tagapangulo

MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.
Kagawad

LOURDES C. ESPARES, M.A.
Kagawad

SUZETTE L. CORDUWA, M. A.
Kagawad

ROSALINDA C.ARBOLERAS, M.A.
Kagawad

---

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng pagtupad ng mga kailangan para sa pagtamo ng degring MASTER SA SINING NG PAGTUTURO, Medyor sa FILIPINO.

**RIZALINA M. URBIZTONDO, Ed.D.**
Dekano, Paaralang Gradwado

# P A G K I L A L A

Sa kaibuturan ng puso ng mananaliksik ipinaaabot ang walang katapusang pasasalamat sa mga ginintuang puso na tumulong sa ikapagtatagumpay ng pag-aaral na ito:

Kay yumaong Dr. Hipolito V. Renales ng Samar Regional School of Fisheries na naghikayat sa mananaliksik na tapusin ang pag-aaral sa pagkadalubhasa sa Filipino.

Yumaong Dr. Soledad G. Agner, dating Tagapamanihala ng Sangay ng Biliran, Leyte sa kanyang huling sandali't nakapagbigay pa siya ng nga mungkahi at pamamatnubay ng gawaing ito;

Ginoong Bonifacio S. Villanueva, Tagapamanihala ng Samar Regional School of Fisheries, sa pagbigay ng pahintulot na makapag-aral sa ilalim ng Magna Carta For Public School sa bisa ng RA 4670.

Dr. Ulrico B. Mustacisa, Edukasyong Supersor I (Filipino), Tagapayo sa Pasalitang Pagsusulit na kasang nagsabalikat sa lahat para mabuo ang manuskritong ito.

Dr. Rizalina M Urbiztondo, Dekano ng Gradwadong Paaralan, sa kanyang paghikayat, pagganyak na tapusin ang aklat na ito.

Dr. Marilyn D. Cardoso, ang tahasang nagbigay ng paliwanag at nagsuri sa istadistika at mga karagdagan sa nilalaman ng tesis na ito.

Gng. Lourdes C. Espares, na siyang nag-udyok sa mananaliksik na tapusin ang gawaing ito at nagdagdag ng mga mungkahi at, malaki rin ang naibahagi niya sa pasalitang pagsusulit;

Gng. Suzuette L. Corduwa, na nagganyak sa ganitong uri ng pananaliksik at nagbigay ng makabuluhang paliwanag sa

mga pamamaraan ng pag-aaral na ito. Nagbigay rin ng pahintulot na gamitin ang kanyang tesis bilang sanggunian.

Gng. Rosalinda D. Alboleras, nagbigay ng mahalagang mungkahi sa pag-aaral na ito at nagbunsod na tapusin ang gawaing ito,

Gng. Consuelo Y. Froilan, nagbigay ng makabuluhang opinyon at mahalagang paliwanag sa larangan ng wika at mga mungkahi sa gawaing ito;

Gng. Gail G. Calumpiano, ulong guro ng Samar Regional School of Fisheries, sa kanyang masusing pamamatnubay at pagmamasid habang isinasagawa ang iksperimento.

Gng. Jojie A. Macapanas, Kalihim/tagatala at Gng. Alma O. Uy sa kanilang pagtulong sa pagsasagawa ng manuskrito at laging nagpapaalaala sa mga dapat gawin.

Higit sa lahat, sa Panginoong Diyos na siyang sandigan at nagbigay biyaya sa pagsasagawa ng aklat na ito.

C. C. A.

# H A N D O G

*Para sa aking mahal sa buhay, kay*

*Latip ang aking kabiyak,*

*mga anak,*

*Solah, Alih, Rheamil at Jheamil*

*Kina Tatay at Nanay*

*sa mga kapatid ko*

*Idol, Istoy, Gene, Dayday, Chit,*

*Rene, Aida at Danny*

*nang dahil sa kanila nais kong abutin ang aking tagumpay.*

Mellet

**ABSTRACT**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tiyakin ang bisa ng dulang pansilid-aralan sa kasanayang komunikatibo sa Filipino. Ang pangkat iksperimental at pangkat kontrol na may pangunang pagsubok at panghuling pagsubok. Ang disenyo ng pag-aaral ay may kabuuang bilang na limampung (50) mag-aaral at ang mananaliksik mismo ang guro. Ang tamtamang iskor sa Pang-unang Pagsubok ng pangkat kontrol ay 31.64 at 54.4. sa panghuling pagsubok. Ang tinuos na t-value ay 9.08 na matas kaysa tabular t-value na 2.06 sa 0.05 makabuluhang antas na may df=24. Sapagkat ang tinuos na t-value ay mataas kaysa tabular t-value ang ipotesis na walang makabuluhang pag-unlad ang kasanayang komunikatibo sa Filipino ng dalawang pangkat mula sa pang-unang pagsubok hangang sa panghuling pagsubok ay hindi tinanggap. Samakatuwid, ang pagtuturo ng kasayang komunikatibo sa pamamagitan ng dulang pansilid-aralan ay mabisang paraan sa pagpapaunlad ng kasanayang komunikatibo sa Filipino. Sa kasanayang komunikatibo, ang dalawang pangkat ay halos magkatulad ang kakayahan, batay sa kinalalabasan ng pang-unang pagsubok. Ang pangkat na ginamitan ng dulang pansilid-aralan ay may ipinakitang pag-unlad sa kasanayang komunikatibo batay sa kinalabasan ng pang-una at panghuling pagsubok na kakayahan. Ang kasanayang komunikatibo ay natamo rin sa pamamagitan ng kumbensyunal na pamamaraan sa pamamagitan ng kinalabasan sa pang-una at panghuling pagsubok na tamtamang iskor. Ang dulang pansilid-aralan na pamamaraan ay mas epektibo kaysa kumbensyunal na pamamaraan sa kasanayang komunikatibo sa Filipino.

**TALAAN NG NILALAMAN**


DAHONG PAMAGAT . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .i

DAHON NG PAGPAPATIBAY . . . . . . . . . . . . . . . . . .ii

PAGKILALA . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . iii

HANDOG . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . ..v

ABSTRAK . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . vi

TALAAN NG NILALAMAN . . . . . . . . . . . . . . . . . . vii

KABANATA Pahina

**I. ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO. . . . . . . . . . 1**

Panimula . . . . . . . . . . . . . . . . . . 1

Batayang Teyoritikal . . . . . . . . . . . . . .5

Batayang Konseptuwal. . . . . . . . . . . . . . 7

Paglalahad ng Suliranin . . . . . . . . . . . 7

Mga Ipotesis . . . . . . . . . . . . . . . . . .8

Kahalagahan ng Pag-aaral . . . . . . . . . . . 9

Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral . . . . .10

Katuturan ng mga Talakay . . . . . . . . . . .11

**II. MGA KAUGNAYAN NA LITERATURA AT PAG-AARAL . . . . . . . . . . . . . . . . . . 16**

Banyagang Literatura . . . . . . . . . . . . 16

Lokal Na Mga Pag-aaral . . . . . . . . . . . .25

**III. METODOLOHIYA . . . . . . . . . . . . . . . . .38**

Disenyo Ng Pag-aaral . . . . . . . . . . . . .38

Ang Pagpili Ng Mga Kalahok . . . . . . . . . .39

Ang mga Baryabol . . . . . . . . . . . . . . 40

Pagkontrol sa Baryabol. . . . . . . . . . . . .41

Instrumentasyon . . . . . . . . . . . . . . . 42

Iksperimentasyon. . . . . . . . . . . . . . . 47

Pagsusuring Istadistikal . . . . . . . . . . .52

**IV. PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAHULUGAN NG MGA DATOS . . . . . . . . . . . . . . . . . . .54**

Paglalarawan sa mga Kalahok. . . . . . . . 54

Resulta sa Ginawang Pangunang Pagsubok ng Pangkat Kontrol at Pangkat Iksperimental . . . . . . 55

Resulta sa Ginawang Panghuling Pagsubok ng Pangkat Iksperimental . . . . 57

Resulta sa Ginawang Pangunang at Panghuling Pagsubok ng Pangkat Kontrol . . 61

Mga Implikasyon sa Pag-aaral . . . . . . . . 62

**V. LAGOM NG KINALABASAN,KONKLUSYON, AT REKOMENDASYON . . . . . . . . . . . . . . . . 63**

Lagom ng Kinalabasan.. . . . . . . . . . . . .63

Konklusyon . . . . . . . . . . . . . . . . . 65

Rekomendasyon . . . . . . . . . . . . . . . . 66

**VI. ANG MGA PAKSANG ARALIN AT BANGHAY SA PAGTUTURO. . . . . . . . . . . . . . . . . . 69**

Mga Paksang aralin at Banghay ng Pagtuturo sa Pangkat Iksperimento . . . 69

Mga Nilikhang Dulang Pansilid Aralan. . . . . . . . . . . . . . . . . . . .69

Mga Paksang Ginamit sa Pangkat Kontrol. . . . . . . . . . . . . . . . . . 140

**TALASANGGUNIAN** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . **176**

**KARAGDAGAN DAHON** . . . . . . . . . . . . . . . . . . **180**

**KURIKULUM BITA**. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . **204**

## Kabanata 1

## ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NG PAG-AARAL

### Panimula

Matagal nang panahon ang ginawang pagbagu-bago sa kalakaran ng Edukasyon ngunit hanggang sa kasalukuyan patuloy pa rin ang pangangalap at pagtuklas ukol sa pamamaraan ng pagturo ng wika. Madalas din ang pagdaraos ng mga seminar ukol dito, ang dahilan nito ay ang patuloy na suliranin sa kahinaan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang pinag-aaralan, ito ay ayon na rin sa mga dalubguro at guro. Napansin nila ang di matagumpay na pagtamo ng kakayahang komunikatibo at kakayahang magamit ang wika sa mabisang pakikipagtalastasan. Maaaring natutuhan ng mga mag-aaral ang kaalamang pambalarila ngunit hindi nila magamit sa mabisang komunikasyon.

Kaisa ang mananaliksik sa paniniwala nina Gumperz, Widdowson at Wilkins na:

> Hindi sapat ang kaalamang komunikatibo upang magamit nang mabisa ang wika. Kailangan mapili ng tagapagsalita ang angkop na estratehiya upang masabi kung ano, kanino,kailan at saan. Mahalaga man na magkaroon ng Kaalamang kultural na nakaaapekto sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa sinasabi ng kausap.[1]

[1] Gumperz, Widdowson at Wilkins. Linggwistika at Panitikan. " Ang Pamamaraang Komunikatibo Sa Pagtuturong Wika (Rex. Printing Co. Inc. 1985), p. 169

Samakatwid, nakasalalay sa malikhain at masining na pamamaraan ng guro ang kalutasan tungkol sa kahinaan ng mga mag-aaral sa pakikipagtalastasan. Ayon kay Prop. Casanova:

> Ang pagtuturo ng wika ay hindi lamang isang sining kundi isa ring agham. Sining sapagkat ang isang guro ay maihahalintulad sa mga mga artistang humuhubog sa murang puso at pahat na diwa ng mga kabataan sa maliliit na daigdig ng silid-aralan, nagsasabog ng liwanag sa kanyang nakamit na sikap at tiyaga ng pag-aaral sa loob ng paaralan at mga seminar-palihan. Agham dahil kailangan ang sapat na kaalaman sa larangan ng lingwistika na siyang magiging kasangkapan sa pagtuturo ng wika. Hindi maikakaila na ang gurong may makaagham na pagtingin sa wika ay nasa kalagayang magpasok ng mga pagbabago hango sa kanyang natutuhan at hindi pikit-matang sumusunod sa mga nasasaad sa aklat.[2]

Kung gayon, nasa mapagpalang kamay ng guro ang ikatututo ng kangyang mga mag-aaral. Ang naiibang pamamaraan ng paghihikayat o pagganyak ay isang malaking gawaing kailangang pag-aaralan at pag-ukulan ng pansin. Mahalaga rin ang pagkakaroon ng wastong saloobin ng bawat guro sa larangan ng pagtuturo sapagkat siya ang nagsisilbing huwaran ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral ng wikang Filipino ay kinapapalooban ng dalawang kakayahan: kakayahang makabuo ng mga pahayag o

---

[2] Prop. Arthur P. Casanova. " Dulang Pansilid-aralan: Mabisang Estrtehiyang para sa Kawili-wiling Pagpapahahayag sa Pilipino", (Panayam) Surian ng Wikang Pambansa, Mayo 1983.

pangungusap na may wastong kayariang pambalarila; at ang kakayahang maunawaan at magamit ang mga pangungusap na may wastong kakayahang pambalarilang pangkayarian sa angkop na kapaligirang panlipunan ayon sa hinihingi ng sitwasyon.

Sa aklat na Gamiting Filipino nina Paz Belvez et.al.,[3] isinaad na ang unang kakayahan o kakayahang linggwistika ay naaayon sa kaalaman sa tuntunin ng wika o balarilang kayarian na alam ng taong nagsasalita ang wikang ito. Dahil sa kakayahang linggwistika ay nauunawaan at nagagamit niya, narinig at sinalita at maging gaano man karami ang mga ito. Nagtataglay siya ng kaalamang linggwistika kung nauunawaan at nasasabi niya ang nasasaad sa sitwasyong inilalahad ng guro.

Sa ikalawang kakayahan o kakayahang komunikatibo, hindi lamang naayon sa kaalamang magagamit sa mga pangungusap na may wastong balarila kundi may kakayahan pa ring ipakita at gamitin ang alin mang gawi sa pakikipag-usap ayon sa hinihingi ng sitwasyon.

Kaya upang maihanda ang mga mag-aaral sa isang maunlad na kinabukasan, kailangan sa mga edukador ang patuloy na

---

[3] Paz Belvez,et.al. <u>Gamiting Filipino</u>, Pagbasa at Komposisyon, (Rex Printing Co. Inc. Quezon City 1987) p. 1.

pagtuklas ng mga pamamaraan upang mapabuti ang mga bagay-bagay na may kinalaman sa propesyon sapagkat ang tunay na tagumpay ay wala sa katalinuhan ng guro o sa mataas na markang nakukuha sa mag-aaral kundi sa pagiging kapaki-pakinabang na mamamayan ng isang lipunan.[4]

Ito ang nagbunsod sa kasalukuyang mananaliksik upang gumawa ng isang pag-aaral na makalulutas sa suliranin ng mga guro sa paglinang ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay pinamagatang " Ang Bisa ng Dulang Pansilid-Aralan Sa Kasanayang Komunikatibo Sa Filipino".

Layunin ng pag-aaral na ito ang makalikha ng mga dulang pansilid-aralan bilang estratehiya sa pagtuturo ng wika sa paglinang ng kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Isang estratehiya na nagbibigay ng mabuting bunga at kahihinatnan sapagkat lilikha ang mga-aaral ng sariling usapan o diyalogo. Hindi kailangang mahusay ang guro sa pagdirihe sapagkat siya ay magsisilbing tagapamagitan o tagaganyak lamang upang makilahok

---

[4] Victor M. Ordoñez. " Environmental Analysis for Values Education". (Panayam) Educator's Congress, Teachers Camp, Baguio City, April, 1988 (salin ng mananaliksik)

ang mga mag-aaral. Kaya mapupukaw ang kawilihan ng mga mag-aaral na gamitin ang wika sa kanilang pagpapahayag ng damdamin, opinyon, saloobin at kaisipan na isang sangkap sa paghubog ng isang nilalang. Mailalantad sila sa tunay na kalagayan ng buhay sa lipunan sa pamamagitan ng mga sitwasyong maghahanda sa kanila sa buhay na haharapin. Higit sa lahat, masasanay silang kumilos o umarte sa harap ng mga kamag-aral ayon sa hinihingi ng sitwasyon. Mahuhubog ang mabubuting pag-uugali at kaasalan ng mga mag-aaral sa tulong ng mga dulang pansilid-aralan.

**Batayang Teyoritikal**

Ayon kay Chomsky ang teoriyang panlinggwistika ay sumasangkot sa isang huwarang tagapagsalita-tagapakinig sa isang buong magkaparehong pangkat na may kaalaman sa kanyang wika nang ganap na ganap at naaapektuhan sa panggramatikang kalagayang walang kaugnayan tulad ng limitasyon sa pagsasaulo, pagkalito, paglipat ng atensyon at kawilihan at mga kamalian sa wika sa aktuwal na pagganap. Ito ang katuwiran kung bakit ang makabagong dalubwika ay nag alok ng mga pagbabago.[5] Sa pag-aaral ng

[5] Noam Chomsky. Aspects of the Theory of Syntax. ( Cambridge, Masschusetts: The M.I. J. Press, Masschusetts Institute of Technology, 1963).


aktuwal na linggwistika sa pamamagitan ng iba't ibang mga salik na kung saan ang saligang kakayahan at pagganap. Ang kakayahan ay tumutukoy sa kaalaman ng tagapagsalita-tagapakinig ng kangyang wika, samantalang ang pagganap ay ang aktuwal na paggamit ng wika sa mga tiyak na mga sitwasyon.

Ang paniniwala nina Widdoson at Wilkins ay katulad sa paniniwala nina Gumperz at Hymes na nagsasaad na hindi sapat ang kaalamang panggramatika upang magamit nang mabisa ang wika. Kailangang isaalang-alang din ang ilang bagay tulad ng kaangkupan ng sasabihin sa sitwasyong paggagamitan nito.[6]

Kailangang mapili ng tagapagsalita ang angkop na istratehiya upang masabi ang ano, kanino, kailan at saan. Mahalaga ring magkaroon siya ng mga kaalamang kultural na makaaapekto sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa sinasabi ng kausap. Sa kabilang dako, ang kasanayang komunikatibo ayon kay Canale at Swain ay tumutukoy sa pagkakaugnayan at interaksyon ng kakayahang panggramatika o

---

[6]J.J. Gumperz at D. Hymes. Directions in Socio-Linguistics. The Ethnography of Communication, (New York : HOH, Rinehart and Winston, 1972)




PIGYUR 1. ISKEMA NG BATAYANG KONSEPTUWAL NA NAGPAPAKITA NG PANGUNAHING SULIRANIN NG PAG-AARAL, ANG MGA NSASANGKOT NA PANANALIKSIK BILANG MGA INPUT AT ANG KAHUSAYAN SA FILIPINO BILANG OUTPUT.

kaalaman sa maga tuntunin sa paggamit ng wika.[7]

**Batayang Konseptuwal**

Ang iskema ng pag-aaral ay nagpapakita ng pangunahing suliranin sa paanan nito. Papuntang itaas ay ang pagsisiyasat na ginamit ng disenyong RO, $XO_2$ $RO_3$ $O_4$. Sa pamamagitan ng pang-unang pagsubok masusukat ang antas ng kasanayan sa pagsasalita, pakikinig, pagbasa at pagsulat ng dalawang kasangkot na pangkat. Ang iksperimental na pangkat ay ginamitan ng dulang pansilid-aralan bilang malayang baryabol at ang pangkat kontrol na hindi ginamitan ng dulang pansilid-aralan. Muling pinagtibay sa pamamagitan ng panghuling pagsubok sa kapwa pangkat. Ang pinakahuling kahon sa itaas ay nagpapakita ng pinakalunds ng pag-aaral and kahusayan sa Filipino mula sa kasanayang kumonikatibo.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong tuklasin ang bisa ng dulang pansilid-aralan sa mga ksanayang komunikatibo ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon sa Pampurok Na Paaralan Ng Pangingisda Ng Samar, Catbalogan,

---

[7]Canale at Swain, Approaches to Communicative Competence, Occasional Papers No.. 1. (Singapore : RELC Seameo Regional Language Centre, 1980).

Samar, taong 1993-1994.

Ang sumusunod na mga tanong ay siyang gabay sa pag-aaral na ito:

1. Ano ang tamatamang iskor ng mga mag-aaral sa mga pangkat iksperimental at sa mga pangkat kontrol ayon sa:

1.1 Pangunang Pagsubok?

1.2 Panghuling Pagsubok?

2. Mayroon bang makabuluhang kaibhan sa tamtamang iskor ng mga pangkat iksperimental at ang mga pangkat kontrol?

2.1 Pangunang Pagsubok?

2.2 Panghuling Pagsubok?

3. Mayroon bang makabuluhang pag-unlad ang kasanayang Komunikatibo sa Filipino ng dalawang pangkat mula sa pang-unang pagsubok hanggang sa panghuling pagsubok?

4. Anu-ano ang mga implikasyon na kinalabasan sa pag-aaral na ito sa pagpapaunlad sa kasanayang komunikatibo?

## Mga Ipotesis

Ang mga sumusunod ay ang mga ipotesis sa pag-aaral na ito:

1. Walang makabuluhang kaibhan ang tamtamang iskor ng mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol.

1.1 Pangunang Pagsubok

1.2 Panghuling Pagsubok

2. Walang makabuluhang kaibhan ang pag-unlad ng kasanayang ang komunikatibo ng dalawang pangkat na tinuturuan sa pamamagitan ng dulang pansilid-aralan at ang mga mag-aaral na tinuturuan ng kumbensyunal na paraan.

2.1 Pangunang pagsubok?

2.2 Pang-huling pagsubok?

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Matututo ang isang mag-aaral na magsalita at makipagtalastasan kung mabibigyan siya mg sapat na pagsasanay sa paggamit ng wika.

**Sa mga mag-aaral**. Mahalaga ang pag-aaral na ito upang mahasa ang kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang wika sa dapat paggamitan nito at masanay sila sa buhay na buhay na pakikipagtalastasan.

Bukod dito, makakatulong din itong mapaiba ang katauhan ng mga mag-aaral upang sila'y hindi kimi at masanay sa pakikisalamuha hindi lamang sa kanilang mga kaklase at mga kaibigan kundi gayon din sa iba pang mga tao.

**Sa mga guro.** Para ganap na magtagumpay ang isang guro sa kangyang misyon ng pagpapasakit sa pagsasabog ng liwanag mula sa sulo ng karunungan, kailangan niya ang panlahat at pansariling puhunan ng kaalaman, kasanayan, karanasan, pagkamaparaan, katauhan at higit sa lahat malasakit sa paglilingkod, kaya isinasagawa ang pag-aaral na ito.

**Sa mga administrador ng Paaralan.** Para patnubayan at tulungan ang mga guro sa kanilang katangiang pampropesyonal na may kakayahang maging palasubok o mapag-eksperimento sa pagsasagawa at pamamahala ng edukasyon na salungat sa ginagamit na kombensyunal na pamamaraan.

**Sa mga magulang at pamayanan.** Sa pamamagitan ng kasanayang komunikatibo, magkakalapit na magkakaugnay ang mga magulang at pamayanan para mapalapit ang pamayanan sa paaralan para sa kapakanan ng mga mag-aaral.

**Sa mga mananaliksik sa hinaharap.** Ito ay magsisilbing nakahandang kaugnay na pag-aaral o maaring magkaroon ng riplikasyon sa ibang antas ng mag-aaral sa elementarya o taon ng haiskul upang mapayaman ang larangang Filipino.

**Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral.**

Ang pananaliksik na ito ay tungkol lamang sa Bisa ng Dulang Pansilid-aralan sa kasanayang komunikatibo sa

Filipino ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon sa Pampurok Na Paaralan Ng Pangingisda Ng Samar, Catbalogan, Samar, taong panuruan 1993-1994. Limampung mag-aaral sa ikaapat na taon at opisyal na nakatala sa SRSF ang ginamit ng mananaliksik, ang Fishbowl na pamamaraan ni Fox,[8] 25 na mga mag-aaral ang kabilang sa pangkat eskperimental na nakakuha ng binilot na kapirasong papel at may letrang PE, 25 naman ang kabilang din sa pangkat kontrol na nakakakuha ng binilot na papel na may letrang PK.

Ang pag-aaral na ito ay isang eksperimento na ginamit ang desinyong

| | | | |
|---|---|---|---|
| R | O1 | X | O2 |
| R | O3 | | O4 |

**Katuturan ng mga Talakay**

Sa layuning mapagaan at maging maliwanag ang mahihirap na mga salitang ginamit sa pananaliksik, ang mga sumusunod ay binigyan ng katuturan upang lubos na maunawaan ang pag-aaral na ito:

---

[8] David J. Fox. The Research Process in Education. New York : Holt Rhinehart and Winston, Inc. 1969.

[9] Rosario Bartolome., "Ang Bisa ng Phono- Visual-Oral-Sound Bending-Meaning na pagdulog sa Kahusayan sa Pagbasa sa Filipino sa Unang Baitang nga mga Magaaral Waray" (di nalathalang disertasyon, Divine World University, Tacloban City, 1983)

**Baryabol.** Ito ay isang bagay, salik, pangyayari o kaparaanang may dalawa o higit pa sa dalawang katangiang nagsisilbing batayan sa pag-uuri-uri o pagpapangkat-pangkat ng mga kalahok o bagay na kasangkot sa pag-aaral.[9]

**Bisa.** Ang epekto o resulta ng dalawa o higit pa sa dalawang dalawang bagay, salik, katangian o kondisyon sa dependent na baryabol. Ang dependent na baryabol sa pananaliksik na ito ay ang kasanayan na komunikatibo.

**Dula.** Batay sa pag-aaral na isinagawa, ito ay ang interaksyon ng enkoder at dekoder na may natural at buhay na pakikipagtalastasan. Mga sitwasyong orihinal; malikhain at likas; malaya at impormal; hindi kailangang mag-insayo; walang iskrip; ang mga diyalogo, ang galaw ay nilikha batay sa improbisasyon.

**Dulang Pansilid-aralan.** Isang mabisang instrumento sa pagtuturo ng wika at panitikan na ginamit ng mananaliksik sa isinagawang eksperimento na ang diyalogo ay nilikha batay sa improbisasyon.[10]

---

[11] Casanova, Arthur p. "Dulang Pansilid-aralan: Mabisang Istratehiya Para sa kawili-wiling Pagpapahayag sa Filipino:, di-nakalathalang Panayam, ika-21 Pambansang Gawaing Kapulungan sa Filipino, May 11-14, 1993, Baguio City.

**Iksperimentong Pansilid-aralan.** (1) Ito ang eksperimentong isasagawa o isinagawa sa silid-aralan (2) ang eksperimentong sa silid-aralan ang mga kasangkot na siyang pinagbatayang sampling na yunit.

**Kalahok.** Ang mga mag-aaral na tuwirang pinagkunan ng mga datos na kinakailangan sa pag-aaral na ito. Ang mga tinutukoy na mga mag-aaral ay sa ikaapat na taon sa Pampurok na Paaralan ng Pangingisda ng Samar, taong panuruan 1993-1994.

**Kasanayang komunikatibo.** Nauukol sa kakayahan sa aktuwal na paggamit ng wika at iba pa sa mga tiyak na pagkakataon.

**Komunikasyon.** Ito ay agham at sining, isang sistema ng pagbibgay-kahulugan at pag-unawa sa anumang pahayag sa pamamagitan ng senyas,sagsag,tunog,wika at iba pang paraang teknikal.

**Kombensyunal na Pamamaraan.** Isang teknikal na paglalarawan ng kayarian ng isang wika na tumutukoy sa mga pormang matutuklasan sa pamamagitan ng obserbasyon, o pakikinig sa mga taal na nagsasalita ng wikang pinag-aralan at sinusunod ang mga alituntunin ukol a bigkas ng mga

**Pakikinig**. Ito ay isang kasanayang malikhain. Bagama't ang mensahe ng isang nagsasalita ay may ipinararating o ipinahihiwatig na kahulugan, ang tagapakinig ang nagbibigay ng interpretasyon sa mensahe.

**Pagsasalita**. Ito ay saltik ng dila at galaw ng bibig na may tunog. Mga pangungusap, parirala na sinasalita, naririnig, nadarama at naiisip na may sariling kahulogan. Ang nilalaman ay sistema ng mga pinagbuklod na mga yunit ng pagpapakahulugang kultural at ang kaugnayan nito sa isang wika.

**Pagsulat.** Ito ay kasangkapan sa pagkilatis sa sarili at sa mundo, dahilan sa ugnayan ng mga kasanayang pangwika, ang pagiging mahusay na manunulat ay nakakatulong sa pagiging mahusay na tagapagsalita. Mahalaga ang pagsulat sa pagtatakda ng mga layuning pangkomunikasyon.

**Talahanayan ng Ispesipikasyon**. Ito ay isang kagamitang nagpapakita ng isang sistematikong pamamaraan ng pagtatakda ng lawak ng paksang sasaklawin sa pagsussulit at ng bilang ng mga aytem na ginagawa para sa bawat kasanayang susukatin.

**Wika**. Isang masistemang balangkas na sinasalitang tunog na pinipili at isinaayos sa parang arbitraryo upang

magamit sa komunikasyon ng mga taong nalilinang sa isang kultura.[12]

[12]Clemencia Espiritu,1986. Ang Pamamaraang Komunikatibo sa Pagtuturo ng Wika. Papel na binasa sa Pambansang Seminar sa Filipino, Mariano Marcos Univeristy, Batac Ilocos Norte, Oktubre 27-29, 1986.

## Kabanata II

## MGA KAUNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

Pagkatapos ng isang serye ng pagbabasa ng iba"t ibang literatura at pag-aaral, tinitiyak ng mananaliksik na walang pag-aaral na may parehong layunin o sa ilalim ng katulad na mga kalagayang kaparis ng kasalukuyang pag-aaral. Gayon pa man, may ilang mga literatura tungkol sa lingguwistika at komunikatibong kakayahan at mga estratehiyang panggramitika o pamamaraang panggramatika sa pagtuturo na nakapaglaan sa mananaliksik ng ilang mga ideya sa layunin, konsepto at mga pangangailangan ng pag-aaral na ito. May mga opinyon ng ilang may-akda at ang mga natuklasan ng ilang pananaliksik na may kaunting kaugnayan at makabuluhan sa pag-aaral na ito ang naisama na mananaliksik.

### Banyagang Literatura

Ang katawagang komunikatibong kasanayan ay unang iminungkahi hi Hymes bilang isang pagsalungat sa matatag na pahayag ni Chomsky na ang kasanayan ay kailangang tanging iugnay sa kaalaman ng mga tuntunin ng balarila ng mga katutubong tagapagsalita o mga kaayusang pumapailalim sa paggamit ng alituntuning panglingguwistika bilang iba kaysa pagganap na siyang aktuwal na paggamit ng wika. Batay sa katibayan ng mga estilo,mga rehistrong maimpluwensiya sa

pamamagitan ng larangan, kaugnay na kahulugan, paksa, mga kalahok, mga pinagmulan at iba pang naramdamang may maraming mahalaganag baryabol ang pumapasok sa ordinaryong komunikasyon na hiwalay mula sa pagsasaalang-alang ni Chomsky sa kanyang makitid na konsepto ng kasanayan.

Ang literaturang ito ay nauugnay sa kasalukuyang pag-aaral sa katotohanang ang paggamit ng pangkat eksperimental na dulang pansilid-aralan ay isang aktuwal na pagganap sa paggamit ng wika na siyang binibigyang diin ni Hymes.[13]

Iminungkahi ni Wilkins ang isang silabus na nagtataglay ng pahiwatig upang mapataas ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral. Ang pahiwatig na taglay ay katumbas sa komunikatibo o semantika. Ang silabus ay sumasakop sa semantika-panggramatikang sangkap at mga kategoriya ng mga tungkuling pangkomunikatibo ay sumasakop sa pangkalakasan, pagpapahalagang moral at disiplina, argumento, pahiwatig ng pagtatanong at pagtatanghal, mga emosyong personal, maramdaming pagkakaugnay at pantaong pakikipag-ugnayan ang higit na orihinal na bahagi ng kanyang iminungkahi at may kinalaman sa paggamit na kung saan ay pagpapalawak ng wika ay inilalagay ng isang tagapagsalita.

---

[13] Dell Hymes, " On Communicative Competence". In Sociolinguistics. ( J.B. Pride & J. Holmes (eds.), 1972)

Ang kakayahan ng katutubong tagapagsalita ay ang kanyang kakayahang makilala ang halaga ng mga pahayag at nasa ganitong pang-unawa na ang tungkuling pangkomunikatibo ni Wilkins sa kanyang paliwanag.[14] Kung kaya, maaring makita o makikita ng katutubong tagapagsalita kung ang isang pahayag ay isang pananakot, isang babala, isang pangako o ito'y isang paanyaya.

Ang iminungkahi ni Wilkins ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa ang dula ng pansilid-aralan na ginamit ng pangkat eksperimental ay sumasakop sa mga kategoriyang mga tungkuling pangkomunikatibo na may kinalaman sa pangkalakarang moral at disiplina, argumento, pahiwatig ng pagtatanong at pagtatanghal, mga emosyong personal, maramdaming pagkakaugnay at ang saloobin na pakikipag-ugnayan. Sumasangkot dito ang pagpapalawak ng wikang isang tagapagsalita.

Sa talakayan naman nina Jack C. Richards at Theodore S. Rogers tungkol sa mga kilos ng pagsasalita at pagtatamo ng kakayahang bilingual, ipinahayag kasama ang iba pang mga bagay, na ang mga sosyolinggwista at iba pa ay matagal nang

---

[14]D. A. Wilkins. National Syllabus : A Taxonomy and Its Relevance to Foreign Language Curriculum Development. ( Oxford: Oxford University Press, 1976)

binigyan ng parangal ang mga limitasyon sa pamamaraan ni Chomsky sa pagbubuo ng kakayahan. Binigyan diin ng mga sosyolinggwista ang pangangailangang isama ang kaalaman sa mga tuntunin ng angkop na pagganap pangkomunikatibo. Pinagtalunan din nila ang pagkatuto ng wika ay hindi isang pagtuklas para sa pinaghiwahiwalay ng mga tuntunin ng balarila kundi isang paglutas-suliraning pakikipag-unawaan. Ang mahahalagang mga suliraning maaring lutasin ng mga mag-aaral sa wika ay kung paano gumawa ng kanyang mga hangaring alam ng iba, kung paano maipababatid ang ano man sa kanyang kamalayan, kung ano ang gusto niyang gawin sa kanyang kapakanan, kung paano niya nanaising maisalaysay sa iba.[15]

Dagdag na ipinahayag pa nina Richards at Rogers na ang pag-unlad ng teorya sa komunikatibong kakayahan ay sumasaklaw sa lawak ng iba't ibang sukat at gawi ng wika sa tao at sa pagsasalitang pamayanan at ang mga aspektong ito ng komunikatibong kakayahan ng sumasakop sa mga kilos ng pagsasalita. Inuri-uri nina Richards at Rogers ang mga kilos ng pagsasalita bilang mga kumakatawan, mga direksyon, mga pagpapahayag at mga deklarasyon depende sa layunin

---

[15]Jack C. Richards, Approaches and Method in Language Teaching, ( Cambridge University Press, 1980).

at kilos ng perspektibong tagapagsalita.[16]

Tulad ng mga naunang literaturang ang talakayan nina Richards at Rogers sa dagdag na pahayag ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil ang dulang pansilid-aralan na ginamit sa pangkat eskperimental ay umaayon sa kaalaman ng mga tuntunin na gamit at angkop na pagganap pangkomunikatibo. Ang mga mag-aaral sa pangkat eksperimental ay binibigyan ng pagkakataong lumutas sa mga suliranin kung paano nila maipababatid o maihahatid sa kapwa mag-aaral at guro ang kanilang kamalayan. Hindi lang sa guro-mag-aaral o talakayan sa klase, matatas na magagamit nila ang wika sa ano mang pagkakataon at sitwasyon sa mga tao na kanilang masasalamuha.

Ipinaliwanag din nina Canale at Swain na ang komunikatibong kakayahan ay ang kaalaman sa batayang mga tuntuning panggramatika, kaalaman kung paano ginagamit ang wika sa kahulugang sosyal upang maisagawa ang mga tungkuling pangkomunikatibo, kaalaman kung paano ang mga pahayag ay maaring paghaluin sa mga tuntunin ng diskurso at ang gamit ng mga estratehiya sa pakikipagtalastasan na tumutukoy sa

---

[16] Theodore S. Rogers, Approach and Method in Language Teaching, (Cambridge University Press, 1980).

kakayahang makagamit ng pasalita o hindi pasalitang mga estretehiya upang matumbasan ang isasagawang pakikipagtalastasan.[17]

Ang paliwanag nina Canale at Swain ay may kaugnayan din sa kasalukuyang pag-aaral sa katotohanang ang pag-aaral ng Filipino ay tumatalakay sa pagsasama-sama ng kaalaman sa batayang mga tuntuning panggramatika, kaalaman kung paano ginagamit ang wika sa kahulugang sosyal upang maisagawa ang mga tungkuling pangkomunikatibo. Saklaw ang mga nabanggit sa pinag-aralan sa Filipino ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral, ang pangkat eksperimental at pangkat kontrol na siyang mga kasangkot sa pag-aaral.

Itinuro rin naman ni Chomsky ang bentaha ng pagtrato lamang sa palagay o paniwala ng kakayahang humihiling na mahirap maisapormal ang balarila ng isang wika kung ang pagganap ay isaaalang-alang. Pinanindigan niya na ang isang normal na batang may nakatakdang datos ng pagsasalita at likas o katutubo ang kakayahang upang mag-aral ng wika, maunawaan ang balarila o gramatika ng kanyang wika sa kabuuan nito. Ang balarilang ito na kanyang maipakikilala ay isang kagamitang nagtataglay ng isang walang katapusang

[17]Canale at Swain, op. cit., p. 6

pangkat ng mga pangungusap na binuong mabuti, bawat isa ay may isa o higit pang mga paglalarawang instruktural. Kapag bihasa na sa mga uring paglalarawan ng walang katapusang pangkat na mga tuntunin ng kanyang wika malalaman niya at makabubuo siya batay sa teoriya ng lahat ng mga panggramatikang pangungusap na lumilihis sa okasyon.[18]

Ang mga pahayag ni Chomsky ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral kung ang pagbabatayan ay ang komunikatibong pagganap ng mga mag-aaral sa aktuwal na paggamit ng wika. Ang kanilang pagsasalita sa pamamagitan ng paggamit ng mga diyalogo sa dulang pansilid-aralan na may kinalaman sa interaksyong nagaganap sa panahon ng talakayan, pasalitang pagsasanay, pasulat na gawain, pagbasa, pakikinig, pagpapaliwanag at pagsasagawa ng mga pahayag na binuong mabuti. Ito ang magiging palatandaan na bihasa na ang mga mag-aaral sa paggamit ng wika, makabubuo na siya ng mga sariling diyalogo na siya mismo ang direktor, mapupuna na niya ang mga ito'y malalapatan nila ng interpretasyon.

Ipinahayag naman ni Littlewood na ang anumang

---

[18]Noam Chomsky, Aspects of the Theory of Syntax. Cambridge, Massachusetts: The M.I.J. Press, Masschusetts Inst. of Technology. 1963

kakulangan sa sistema ng kaalaman ay makasisira sa kakayahan ng mga mag-aaral upang makipagtalastasan nang mabisa. Maaring mangyari na ang pang-estratehiyang kakayahan ay balido ang gingampanan sa layunin.[19] Dahil dito pumapanig din si Littlewood kina Canale at Swain sa kanilang teoriya tugkol sa komunikatibong kasanayan na dapat ding isaalang-alang ang mga teknik sa pagbibigay ng pasalitang pagsubok upang tasahin at sukatin ang isang partikualr na unawa at tiwala sa pagkilos habang nagsasalita.

Ang pahayag na ito ni Littlewood ay amy malaking kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sa katotohanang ang pangkat eksperimental ay tinasa at sinulat sa psalitang pagsubok habang ang mga ito ay aktuwal na gumaganap sa dulang pansilid-aralan bilang isang teknik. Ganoon din ang pangkat kontrol sa kanilang malayang talakayan, ang tanong at sagot bilang teknik sa pagbibigay ng isang tiyak na sitwasyon na lalapatan ng sarili nilang diyalogo. Isinaalang-alang ang kanilang pagpapahayag nang may kumpas at may tiwala sa pagkilos habang nagsasalita, o maging sa pagbasa.

---

[19]W. Littlewood, Communicative Language Teaching : An Introduction, ( Cambridge University Press), 1981.

Ayon naman kay McGregor, dalawa ang aspekto sa pagtuturo ng dula sa mga paaralan. Ang una ay ang pagkatuto sa pamamgitan ng dula na naglalahad ng mga isyu na may kaugnayan sa mga mamamayan. Pagpapalaganap ito ng isyung nagsasangkot sa guro at sa mga mag-aaral. Tinatalakay ang mga isyu sa silid- aralan na maituturing ding mabisang paraan sa pagtuturo ng wika. Ang ikalawa ay ang pagkilala sa dula bilang anyo ng sining na humuhubog sa mga mag-aaral na sundin ang isinasagawa ng guro. Sa gawing ito, pinabubuo ng mga ideya ang mga mag-aaral, pinapayagan silang pagsama-samahin ang mga ideyang ito at pinalilikha sila ng tanawing may mga tauhan at sitwasyong mahalaga para sa kanila at sa ibang tao.[20]

Ang inilahad ni McGregor ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral hindi dahil sa dulang pansilid-aralan ang ginamit sa eksperimental kundi sa aspekto ng pagtuturo ng wika na kung saan magkakaroon ng interaksyon ang guro at mga mag-aaral. Dito, matututo silang magsama-sama ng mga ideyang ginagamit nila sa interaksyong nagaganap.

---

[20]Lyn Mcgregor, Development in Drama Teaching (Open Books Publishing Ltd., 1976).

**Lokal Na Mga Pag-aaral**

Ang walang katapusang mga kalakaran at mga pagbabago ng DECS ay inilaan upang magbigay daan tungo sa isang mabuting sistema ng pagtuturo. Ang DECS ay naniniwalang sa pamamagitan ng ganitong mga kalakaran, bagong mga istratehiya ay lilinangin at inaasahang higit na mabuti kaysa mga nauna. Ang bagong mga kalakaran ay pagdaragdag sa lumang mga kaugalian at mga istratehiya sa pagtuturo. Sa kabila ng ganitong mga makabagong mga kalakaran, gayunpaman, ang DECS hanggan ngayon ay kumakaharap sa iba't ibang suliranin sa pagtuturo na nakatala sa iba't ibang pag-aaral.

Ang pag-aaral ni Castillo ay nagsikap upang bumuo ng isang pagsubok ng komunikatibong kasanayan sa Filipino para sa inaasahang mga guro sa antas elementarya. Ang pagsubok na binuo ay inilaan upang sukatin ang panglingguwistikang kasanayan, kakayahan sa bokabularyo, sosyolingguwistikang kakayahan at pasalitang paggamit ng wika.[21]

Ang pag-aaral ni Castillo ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sa katotohanang magkapareho ang layunin ng dalawang pag-aaral sa pagbibigay ng pagsubok na

---

[21]Emma S. Castillo, " A Test of Communicative Competence in Filipino for Prospective Elem. Schl. Teacher: A First Approximation" ( Unpublished Doctoral Dissertation. Ateneo PNC Consortium, Manila, 1978).

may kaugnayan sa komunatibong kasanayan sa Filipino. Gayon pa man, bagamat ang tuon o binigyang diin sa pagsubok sa pag-aaral ni Castillo ay mga mag-aaral sa kolehiyo, ang kasalukuyang pag-aaral ay mga mag-aaral sa ikaapat na taon sa mataas na paaralan.

Ang pag-aaral na ginawa ni Agner ay naglalayong bumuo ng isang instrumentong panukat sa kagalingan ng pakikipagtalastasan sa Filipino sa iba't ibang sitwasyon sa magtatapos na mga mag-aaral sa elementarya. Sa halip na bigyang-diin ang pangkayariang aspekto ng wika, ito ay nagbigay diin sa paggamit ng apat na kasanayan ng wika pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat. Sa pagbuo ng mga aytem, isinaalang-alang ang paggamit ng wika at hindi ang kayarian at kaalaman tungkol dito.[22]

Ang pag-aaral ni agner ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil nauukol din ito sa kahusayan sa pakikipagtalastasan sa madaling salita may kinalaman sa komunikatibong kakayahan. Binigyan din ng diin ang apat na kasanayang pangwika - ang pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat tulad ng isinagawang pag-aaral sa apat na

---

[22]Soledad G. Agner, " Towards The Development of a Communicative Proficiency Test in Filipino, Finishing Elementary School Pupils: A Test Attemp ( Unpublished Doctoral Dissertation, PNC, La Salle- Ateneo Consortium, Manila, 1980.)

kasanayang pangwika ay malinaw na inilarawan sa iskema ng batayang konseptuwal. Bagamat ang binigyan pagsubok ng pag-aaral ni Agner ay ang magtatapos na mga pag-aaral sa paaaralang elementarya, ang kasalukuyang pag-aaral ay sa magtatapos na mga mag-aaral sa paaralang sekundarya.

Ang pag-aaral naman ni Biron[23] ay lumikha ng dulang pansilid-aralan sa layuning maragdagan ang mga kagamitang pampagtuturo na lilinang sa kasanayang pasalita at paglinang sa kahalagahang pangkatauhan ng mga mag-aaral. Ang mga nilikhang dula ni Biron ay sinubok ituro sa mga paaralang elementarya na itinaya ang kabisaan at kaangkupan ng mga kalahok na guro sa isang seminar. Natuklasan sa kanyang pag-aaral na ang kanyang nilikhang dula-dulaan ay magagamit na kagamitang pampagtuturo ng mga paksang ipinagdiriwang buwan-buwan sa mga paaralang elementarya. Kaya iminungkahi niya ang mga nilikhang dula sa madaling paghubog ng kasanayang pasalita.

Ang pag-aaral ni Biron ay kahawig ng kasalukuyang pananaliksik sa paglikha ng kagamitang pampagtuturo.

---

[24] Gregorio B. Biron, " Mga Nilikhang Dula-dulaan ukol sa Pagdiriwang Kaugnay ng Paglinang ng Kahalagahang Pangkatauhan sa Antas Elementary", (di-limbag na tesis) Pamantasan ng Bocol, Paaralang Gradwado, Lungsod ng Ligaspi ,1989.

Bagamat parehong dula ang nilikha, ang dula ni Biron ay may iskrip na kailangang isaulo ng magsisiganap. Sa pag-aaral na isinagawa, ang dulang pansilid-aralan ay hindi talagang dula, kundi mga sitwasyon lamang na hahayaan ang mga mag-aaral na siyang gumawa ng diyalogo o usapan. Ang pinakalayunin ng dulang pansilid-aralan ng kasalukuyang pananaliksik ay upang matamo ang tagumpay na makalikha ng sariling diyalogo. Dito matutuklasan ng guro ang kaalaman sa gamit tungkulin ng wika ayon sa sitwasyong inilalahad. Natuklasan sa pag-aaral na ito na mahigit na mabisa ang sitwasyong ibinigay ng guro sa paglinang ng komunikasyon sapagkat mismo ang mga mag-aaral ang nagbabalangkas at iisip ang angkop na salita at kilos.

Ang pag-aaral ni Baldo[24] ay isa ring estratehiya sa pagtuturo ng panitikan na ang layunin ay mabigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na makalahok upang ibahagi at maipakita ang kanilang kakayahan o kasanayan na magamit na kasangkapan sa malikhaing pag-iisip at pagkilos. Ang pisikal na aspekto ng pakikiisa at pakikisalamuha ay uunlad dahil sa pangkatang gawain ng mag-aaral. Sa pag-aaral na isinagawa,

---

[24]Amelia T. Baldo. " Nilikhang Pamamaraan ng Pagtuturo Ng Panitikan Sa Antas Sekundarya", (di-limbag na tesis) Pamantasan ng Bicol, Paaralang Gradwado, Lungsod ng Ligaspi, 1986.

ganito rin ang mga kasanayang nalinang ngunit higit na mabisa ang kasalukuyang pag-aaral sa paglinang ng komunikasyon ng mag-aaral sapagkat sila mismo ang nag-iisip kung ano ang diyalogo na gagamitin at paano ito isasakilos upang mabatid sa mga nakikinig ang mensahe na nasasaad sa sitwasyong ibinigay ng guro.

Natuklasan ni Baldo na magiging magaan ang pagtuturo sa pamamaraang nilikha sapagkat higit na mabisa ang partisipasyon ng mga mag-aaral. Ganito rin ang natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral sa paggamit ng estratehiyang nilikha na ginamit ang sitwasyon sa paglinang ng kaalamang pang-gramatika at komunikasyon.

Mula sa pag-aaral ni Casanova[25] masasabing higit na kaugnay ng kasaalukuyang pag-aaral sapagkat siya ay lumikha rin ng dulang pansilid-aralan bilang estratehiya sa paglinang ng Filipino at kayariang pangwika. Nagiging mabisang pantulong ang nilikhang dulang pansilid-aralan sa mga di-Tagalog sapagkat nagkaroon ng kasanayan ang mag-aaral sa pagsasadula at pagsasalita.

Ang pag-aaral ni Casanova at ang pag-aaral ng kasalukuyang pananaliksik ay parehong inihanda upang

---

[25]Arthur P. Casanova, op.cit., p.2

madaling isagawa sa paglinang ng kasanayang pasalita. Hindi kailangang mahusay ang guro sa pagdidirihe sapagkat ang mga usapin ay angkop sa kanilang karanasan at kaugnay ng pag-eeksperimento upang matiyak kung mabisa ang paraan sa paglinang ng kasanayang komunikatibo.

Ang pag-aaral ni Acojido[26] ay nauukol sa mga mungkahing pagsasanay sa kaalaman at kasanayang pangwika sa ika 3 taon antas sekundarya. Inilahad niya ang mga pangunahing kasanayan na dapat malinang sa mga mag-aaral para sa mabisang pagpapahayag. Naghanda siya ng mga halimbawa bilang patnubay sa mga guro na nagtuturo ng wika kung paano ang wastong pagbigkas ng bawat ponema, pagbubuo ng mga salita, pagtambal ng mga salita hanggang sa makabuo na mabisang pangungusap. Kasama rin sa mga nagsasanay na ito ang pagkilala at paggamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita at kasanayan sa pagsunod sa panuto.

May pagkakaugnay ang pag-aaral ni Acojido sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ang mga mag-aaral ay may sapat nang kaalaman at kasanayan ukol sa wika, makabubuo na sila ng mga sitwasyon na maisasakilos kaugnay ng kanilang

---

[26]Modesto P. Acojido. " Mga Mungkahing Pagsasanay Sa Kaalaman at Kasanyang Pangwika sa mga Mag-aaral na di-Tagalog na nasa Ika-3 taon, Mataas na Paaralan', (di-limbag na tesis) Institute of technology, Nueva Viscaya, 1986.

sariling karanasan. Magiging magaan para sa kanila ang pagpapahayag ng damdamin at kaisipan tungkol sa inilalahad na sitwasyon.

Sumang-ayon ang kasalukuyang pananaliksk kay Acojido na mahalaga ang paglikha ng mga kagamitang pampagtuturo na angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ang pagtitibay ng iba't ibang uri ng pagsasanay ukol sa wika ay nagbibigay sa kanila ng kahusayan sa mabisang pagpapahayag. Ang iba pang kaugnay na pag-aaral ay ang isinagawa nina Felonia[27] at Perez[28]. Si felonia ay naghanda ng mga kaganitang pangkurikulum ukol sa pagtuturo ng panitikan. Si Perez naman ay lumikha ng mga sanaysay. Katulad ng kasalukuyang pag-aaral, ang mga ito ay naglalayong makaambag ng mga kagamitang pamtpagtuturo. Nagkakaiba lamang ang pamamaraan ni Perez spagkat isinagawa niya ang pagsubok ng kanyang mga nilikhang sanaysay sa pamamagitan ng isang araw na seminar. Si Felonia naman ay naghanda ng talatanungan at tseklist upang mataya ang kabisaan at inihandang kagamitan.

---

[27]Fe D. Felonia. " Mga Mungkahing Kagamitang Pangkurikulum sa Pagtuturo ng Panitikang Filipino sa Matas na Paaralan", (di-limbag na Tesis) Pamantasan ng Bicol, Paaralang Gradwado, Lungsod ng Ligaspi, 1984.

[28]Marta O. Perez. " Mga Nilikhang Sanaysay Ukol sa Pagkamabayan para sa Antas Elementarya", (di-limbag na Tesis) Pamantasan ng Bicol, Paaralang Gradwado, Lungsod ng Ligaspi, 1988.

Ang iminungkahing pamamaraan ng pagtuturo ni Espiritu[29] na matatagpuan sa kanyang mga sinulat sa aklat at handout ukol sa pagtuturo ng pamamarang komunikatibo sa paglinang ng kaalaman linggwistika at kaalaman sa komunikasyon.. Sa panulat ni Clemencia, napag-alaman na ang kakayahang komunikatibo ay binuo ng limang lawak na maaring lagumin ang mga kasanayang bumubuo sa kakayahang pangakomunikatibo ng isang tagapagsalita ng isang wika. Ang kakayahang panggramatika, kakayahang pumili ng kayariang panggramtikana angkop gamitin sa pagpapahayag ng nais na mensahe; kakayahan sa pagpili ng istilo na angkop at tinatanggap sa iba't ibang kalagayang sosyal at kasanayan sa pagpili mg mabisang estratehiya upang mailahad ang iniisip na mensahe.

Ang pamamaraang ito ni Espiritu ang siyang ring pinag-batayan ng kasalukuyang pag-aaral. Napapaloob sa mga nilikhang kagamitan ang limang lawak na bumubuo ng kakayahang pangkomunikatibo sa pagtuturo ng wika. Kaisa ang mananaliksik sa paniniwala ni Espriritu na malilinang ang ksanayang pangkomunikasyon ng mag-aaral kapag natamo ang mga kasanayang nabanggit. Sa pamamaraang komunikatibo hindi

---

[29]Clemencia C. Espiritu. " Ang Pamamaraang komunikatibo sa Pagtututro ng Wika", Filipino sa Tanging Gamit, (Manila: Rex Printing Co. Inc. 1986) p.47

kailangang talikuran ang pamamaraang istruktural sa pagtuturo ng wika. Mahalaga ang pagtuturo ng kayariang panggramatika upang maihanda ang mga mag-aaral sa mga gawaing pangkomunikatibo na kanyang kakaharapin sa loob at labas ng silid aaralan. Gayunpaman, dapat ding bigyan ng pansin ang pag -nang ng mga tuntuning sosyo-kultural na kailangan sa aktuwal na paggamit ng wika.

Binanggit din sa panayam ni Espiritu ang mga katangian ng pamaraang komunikatibo. Isa na rito ang pagkakaroon ng kamalayan ng mga mag-aaral kung bakit niya isinagawa at kung paano niya pinag-aralan ng liksyon. Ang isa pang katangian ng komunikasyon ay ang pagiging daynamik nito. Hindi maaring paghiwalayin ang mga bahagi ng usapan at suriin nang magkabukod ang bawat uri. Kaya sa pamamaraang komunikatibo, pinahahalagahan hindi lamang ang mmga kayariang panglilingwistika kundi pati rin ang paaran ng pakipagtalastasan. Ang mga binanggit ni Espiritu ay magkakaugnay sa kasalukuyang pag-aaral tungkol sa wika. Sa pamamaraang komunikatibo pagtuturo ng wika, hindi tinatalikuran ang pamamaraang istruktural, bagkus lalong pinalalawak ang kaalamang gramatika sa paglalakip ng sosyo-kultural. Ito ay nangangahulugang nauunawaan ng mga mag-aaral kung ano ang kanilang ginagawa at kung bakit nila ito

isinasagawa. Nagagamit nila ang wika angkop sa kalagayang sosyal at nagkakaroon sila ng kasanayan sa pagpili ng mabisang estratehiya sa pagpapahayag ng naiisip na mensahe.

Ayon naman kina Guamen, et.al.[30] ang pamamaraang pinag-ugnay ay nauukol sa pinagsasamang pagtuturo ng Balarila at Panitikan sa Isang pagkakataon. Sa komunikatibong pamamaraan ng pagtuturo, ito ay magkahiwalay ngunit may pagkakaugnay din ang pamamarang pinag-ugnay at ang pamamarang komunikatibo sapagkat sa pagtatalakay ng alimang uri ng panitikan, ang guro ay pipili ng magandang bahagi sa binsa, maaring kuwento o dula para sa pagtalakay ng aralin sa pamamaraang komunikatibo sapagkat nauunawaan ng mag-aaral kung ano ang kangyang ginagawa at kung bakit ito isinagawa. Samantala sa pamamaraang pinag-ugnay, tuwirang inilalahad ang mga tuntuning pangwika upang isaulo. Dito higit na binibigyang diin ang katuturan ng kaalamang pambalarila. Kaya natuklasan ng mga guro na nakababagot ito sa mga mag-aaral. Sa pamamaraang komunikatibo, madali ang paglalakip ng mga kaalamang panggramatika. Sa aklat na " Magaang Pag-

---

[30]Fruktusa C. Guamen, et.al. Filipino sa Tanging Gamit, Ang Pamamaraang Pinag-ugnay" (Manila: Rex Printing Press Co.Inc. 1986) p. 69-71.

aaral ng Filipino" nina Abellera et. al[31]naghanda sila ng katipunan ng mga Sariling Linang.Kit (SLK) bilang pantulong sa sariling pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga paksa nito ay nauukol sa karaniwang pangyayari, katutubong kultura, proyektong pambansa, turismo at iba pang inilalahad sa pamamagitan ng diyalogo o usapan. Ito'y mahalagang pantulong para sa ikauunlad ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Katulad ng kasalukuyang pag-aaral, ang Sariling Linang Kit ay naglalayung makatulong upang makilahok ang mga mag-aaral sa pagpapalitang kuro nang may tiwala sa sarili, makapagsalaysay at makapaglarawan ukol sa binasa. Ito ay mabisang pantulong din sa pagpapalawak ng talasalitaan at makapagsasanay sa mga mag-aaral upang magsalita sa tulong ng mga talasalitaang napag-aralan.

Ang bahagyang pagkakatulad ng Sariling Linang Kit sa kasalukuyang pag-aaral ay sa pamamaraang pagbibigay ng sitwasyon at pagkatapos ito'y isasakilos ng mag-aaral na nakalilinang sa kakayahang komunikatibo ang mga nilikhang kagamitan. Ang pagkakaiba lamang ay may iskrip na isinasaulo o binabasa sa Sariling Linang Kit. Samantala, sa

---

[31]Lorenza Abellera, et.al Magaang Pag-aaral ng Filipino. (Manila ; 1978) Surian ng Wikang Pambansa.

kasalukuyang pag-aaral ay walang iskrip sapagkat hahayaang lumikha ng sariling diyalogo ang mga mag-aaral batay sa inilalahad na sitwasyon ng guro. Ang mga magsisiganap ay malayang gumamit ng mga salitang napag-aralan na nila.

Ang pag-aaral naman na isinagawa ni Bartolome[32] ay isang eksperimental na pananaliksik tungkol sa bisa ng PVOSBM na pagdulog sa kahusayan ng pagbasa sa Filipino sa Unang Baitang ng mga mag-aaral na Waray sa mga paaralang sentral ng Sangay ng lungsod ng Calbayog.

Ang disenyo ng eksperimento ni Bartolome ay pretest - posttest eksperimental at kontrol na grupong pag-aaral o R O, X $O_2$ R $O_3$ $O_4$ . Ang pag-aaral ni Bartolome ay may layuning-tiyakin ang bisa ng pagdulog na PVOSBM sa kakayahang bumasa sa Filipino ng mga mag-aaral na Waray sa unang baitang. Ang instrumentong ginamit ay tiyakin ang bisa ng PVOSBM ay isang eksamen na may 30 aytem.

Lumabas sa pag-aaral na ito na higit ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral saklaseng eksperimental pagkatapos ipairal ang eksperimental na baryabol, ang pagdulog ng PVOSBM.

---

[32]Rosario M Bartolome, "Ang Bisa ng Phono-Visual-Oral - Saound Blending- Meaning na pagdulog sa kahayusayan ng pagbasa sa Filipino sa Unang Baitang ng mga Mag-aaral ng Waray, "(di-nalathalang disertasyon, Divine World University, Tacloban City, 1983).

Si Corduwa[33] ay nagsagawa rin ng isang pagsusuring eksperimental kung aling wika: Ingles o Filipino ang higit na mabisa sa pagtuturo ng asignaturang sariling pili(pananahi). Ang kinalabasan ng kanyang pag-aaral ay halos magkatulad lang ang antas ng kabatiran sa pananahi ng mga kasangkot na mga mag-aaral sa mga pangkat eksperimental at mga pangkat kontrol pagkatapos isagawa ang eksperimento.

Ang disenyo ng pag-aaral ni Bartolome at Corduwa ay magkatulad sa isinagawang pag-aaral, ang ginagamit ay isang prettest-postest na eksperimental at kontrol sa grupong pag-aaral na naglalayong tiyakin ang bisa.

Lahat ng mga pag-aaral na inilalahad sa unahan ay maykaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral dahil lahat ng mga nabanggit na mga literatura at pag-aaral ay tumatalakay tungkol sa kasanayang pangwika na siyang binibigyang-diin sa kasalukuyang pag-aaral.

---

[33]Suzette L. Corduwa, " Ang Bisa Ng Paggamit Ng Wikang Filipino Sa Asignaturang Sariling Pili (Pananahi)." (di-nalathalang tesis, SSPC, Catbalogan, Samar, 1988).

# Kabanata III

## METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng disenyo ng pag-aaral, mga pamaraang ginamit tulad ng pagpili ng instumentasyon, iksperimentasyon at ang pagsusuring istadistikal sa paglalapat ng mga datos.

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang ginamit na disenyo ay isang pretest-posttest sa iksperimental at kontrol na pangkat ng mga mag-aaral na naglalayong tiyakin ang bisa ng dulang pansilid-aralan sa kasanayang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikaapat na taon ng Pampurok Na Paaralan ng Pangingisda Ng Samar, Catbalogan, Samar, Taon Panuruan 1993-1994. Ang disenyo mg pag-aaral ay:

$$\begin{array}{llll} R & O_1 & X & O_2 \\ R & O_3 & & O_4 \end{array}$$

Saang:

R = ay nangangahulugan ng randomisasyon o walang pagkiling na pagpili ng mga kalahok na sasali sa pangkat eksperimental at sa pangkat kontrol.

$O_1$ = ay tumutukoy sa pretest o pang-unang pagsubok sa pangkat eksperimental na baryabol na walang iba kundi ang kasanayang komunikatibo sa Filipino.

$O_2$ = ay tumutukoy sa Postest o panghuling pagsubok na ibinigay sa mga kalahok na pangkat eksperimental pagkatapos ilapat na ekserimental na baryabol.

X = ay tumutukoy sa eksperimental na walang iba ang Dulang Pansilid-aralan.

$O_3$ = ay tumutukoy sa Pretest o pangunang pagsubok na ibinigay sa mga mag-aaral ng pangkat kontrol: at

$O_4$ = tumutukoy sa Posttest o panghuling pagsubok na ibinigay sa mga mag-aaral ng pangkat kontrol.

**Ang Pagpili Ng Mga Kalahok**

Ang ginamit sa pag-aaral na ito ay ang limampung mga mag-aaral na opisyal na nagpatala sa ikaapat na taon sa Pampurok na paaralan ng Pangingisda ng Samar sa taong panuruang 1993-1994.

Ang paraang ginamit sa pagpili ng mga kalahok sa bawat pangkat. Una, kinuha ng mananaliksik ang nga antas sa ikalawang markahan ng mga mag-aaral sa Filipino IV, hango sa kanilang mga antas, ang mga ito'y pinangkat sa pinakamataas, katamtaman at mababa. Nilagyan ng bilang 1 hanggang 50 ang binilot na papel, ang mga pantay na bilang ay sinulatan ng mananaliksik ng PE at itinalaga sa pangkat eksperimental, ang mga di-pantay na bilang ay sinulatan ng guro ang binilot na papel ng PK at itnilaga sa pangkat kontrol. Ito'y isinagawa upang matiyak ang kaibhan at pagkakahawig ng eksperimental at kontrol na klase. Ang

**Malayang Baryabol (X)**

Ang dulang pansilid-aralan ang siyang Independent na baryabol sa pag-aaral. Ang paggamit nito ay sa pammamagitan ng guro at ang mga mag-aaral sa pangkat eksperimental na pinaniniwalaang magiging mabisa sa kasanayang komunikatibo sa Filipino kaysa konbensyunal na pamamaraan na ginamit sa pangkat kontrol.

**Di-malayang Baryabol**

Ang tatamuhing kahusayan ng mga mag-aaral sa kasanayang komunikatibo ang dependent baryabol. Naipakita ng mga mag-aaral ang natamong kasanayang komunikatibo sa nabuong raw iskors sa pamamagitan ng kinuhang pagsubok na inihanda ng mananaliksik, ang Pagsusulit sa kasanayan.

**Pagkontrol sa Baryabol**

Tumutukoy ito sa kaugnayan ng guro - mag-aaral at mag-aaral - guro. Ang iba pang salik nito gayon din ang iba pang katunggaling baryabol na natalakay sa panloob at panlabas na kabisaan sa eksperimento na ipinalalagay na kusang kinontrol sa pamamgitan ng randomesasyon na paraan, na siyang mainam para sa pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Ang sestimang ito'y kinontrol na sa walang kinikilingan ng guro at saklaw ng mananaliksik. Habang isinsagawa ang eksperimento, pantay ang pakikitungo ng

mananaliksik sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Tiniyak ng mananaliksik na kung may matamo ang mga pangkat eksperimental sa kasanayang komunikatibo ito'y karapatdapat at hindi magiging kadahilanan sa baryabol na walang iba ang dulang pansilid-aralan.

**Instrumentasyon**

Ang pag-aaral ay gumamit ng Pagsusulit sa Kasanayan/ Pagsusulit sa Kakayahan sa pakikipagtalastasan. Ang pagsusulit na ito ay maaring ibigay sa isang markahang pagsusulit. Ang layon nito matiyak ang kakayahan sa wikang kaugnay ng mga tiyak na pangngailangan ng wika. Tinutuon din sa kakayahan ng mga mag-aaral na makipagtalastasan sa iba't ibang sitwasyon.[35] May mga baahagi ritong minarkahan ang mga mag-aaral hindi sa kawastuang panglinggwistika kundi sa kasanayang umuwa o maglahad ng mensahe.

Sa pagtiyak ng kabisaan at kahusayan ng pagsusulit, ang pagsubok na 100 aytem ay ibinigay muna sa mga mag-aaral sa Rafael Lentejas Memorial School of Fisheries na hindi siyang pinili na mga samples sa pag-aaral na ito. Inalisa ang mga aytem na makikita sa karagdagang dahon sa

[35]A Trainors Manual in Filipino for High School Teachers, DECS-PNC,SLATE Proj., 1988 p. 27.

pamamagitan ng paggamit sa mga hakbang ni Hopkins at Stanley.[36]

**Mga hakbang sa Inalisang Aytem**

Pagkatapos ng test dapat lagyan ng iskor ang mga papel. Bawat iskor (hindi iniwasto ayon sa pagkakataon) ay katumbas ng bilang ng mga maling sagot (mali o di-sinagot na mga aytem sa test).

1. Inayos ang iskor ng mga papel (N) mula sa pinaka mataas hanggang sa pinakamababang iskor.

2. Minultiplay ang N o kabuuang bilang ng test ng 0.27 at ni-round-off sa pinakamalapit sa na buong bilang, ito'y katumbas ng N. Kung ang N ay 30 ang N ay magiging 8 (8.1, rounded off).

3. Binilang ang mga N o iyong papel na may pinakamataas na mga iskor. Ito ang High group.

4. Binilang ang N pinakamababang iskor na mga papel mula sa ibaba. Ito ang low group.

5. Nalaman ang proporsyon ng high group ($P_H$) kung saan bawat aytem ay nasagot ng tama sa pamamagitan ng pagdivide sa bilang ng tamang sagot sa high group ng N;. ganito

---

[36]Hopkins, K..D. and J.C. Stanley. Educational and psychological Measurement and Evaluation, 6th ed., Prentice-Hall, Englewood Cliffs, N.J. 1981.

$$P_H + \frac{\text{bilang ng tamang sagot}}{N}$$

Inulit ang pamamaraang ito sa low group para makuha ang $P_L$ ng bawat aytem.

6. Para malaman ang antas ng kahirapan (difficulty index, P (o ang proporsyon ng buong grupo na nakasagot ng wasto sa bawat aytem) ini-add ang $P_H$ at $P_L$ dinivide ng 2:

$$P = \frac{P_H + P_L}{N}$$

Ipinakita rito na ang D-values ng isang aytem ay pinagtitibay ng malayang panariling (subjective) pagtataya ng kalidad ng aytem. Iyong mga aytem na may mataas na indeks na deskrriminasyon na .35 o higit pa ay may mataas na deskriminasyon. Iyong mga aytem na tahasang na malabo ay may tendensiyang maging mababa o negatib ang D-value o ang ibang opinyon para saa aytem na iyon ay maaaring may mataas na D-value kaysa keyed option. Ang mg aytem na ganito ay kadalasang double-keyed kung walang lohikal na nagpapatibay sa konseptong sinusukat. Ang dahilan ng pagiging tahasang malabo ay maaring di kaagad mapansin ng nagbibigay ng test pero kadalasa'y naililitaw ng may mataas

na iskor sa mga eksaminis ng hindi pumili ng mga keyed options.

Ang potensyal na measurement value ng isang aytem ay pinakamataas kung ang antas ng kahirapan ay 0.5; kalahati lang ng mga eksaminis ang nakasagot ng wasto sa aytem. Maliit lang ang pagkakataon ng aytem na malaman ang indibiduwal na pagkakaiba-iba kung ito'y lubhang napakababa o lubha namang napakahirap, dahil sa gitnang antas ng kahirapan (25-75%) lahat ng aytem ay may potensyal na magkaroon ng mataas na diskriminasyon (D.S.). Kung sa bagay ang pagiging angkop ng antas ng kahirapan ay hindi isang katiyakan na ito'y isang mabuting aytem. Ang crucial test sa isang aytem ay kung iyong mga higit na nakakaunawa sa (domain of content) matataas na iskor sa kabuang test ay lubhang akma sa (keyed answer) susing kasagutan ng aytem kaysa doon sa mga kakaunti ang kaalaman tungkol sa asignatura (ang mababang mga iskor sa kabuuang iskor test). Ito ang impormasyon ibinigay ng D-value ng aytem. (Ang kauganayan sa aytem ng kahirapan at potensyal na aytem ng discriminasyon).

Ang anumang aytem na ang diskriminasyon ay tinataya patungo sa praksyon ng kabuuang test score ay siyang batayan sa pag-alam kung alin ang mataas at mababang grupo.

Ang antas ng panloob na kontaminasyon dahil sapag-ooverlap ng aytem sa kabuuang test ay inimpluwensyahan ng kahabaan ng test-kung kaunti ang mga aytem ng test, mas malaki ang proporsyon ng bawat aytem sa kabuuang iskor. Ang salik na ito'y nagiging totoo lamang sa masyadong maikling mga test. Ang mga sumusunod na alintuntunin sa pagpapakahulugan sa aytem descrimination index value para sa pansilid-aralang pagsubok ay hinango mula kay Ebel.[38] Ang mga alituntunin ito'y angkop lamang sa pagpapaliwanag ng kontribusyon ngtest aytem sa reliability.

| Indeks ng Diskriminasyon | Pagtataya ng Aytem |
|---|---|
| **0.40 paitaas** | **napakabuting aytem** |
| **0.30 - 0.39** | **mabuting aytem** |
| **0.20 - 0.29** | **katamtamang mabuting aytem** |
| **0.10 - 0.19** | **marginal na aytem, karananiwang dapat pahusayin** |
| **mababa sa 0.10** | **d-mabuting aytem, dapat alisin o ayusin** |

**Pagsusulit Sa Kasanayan sa Filipino**

Ang mananaliksik ay gumawa muna ng talahanayan ng

---

[38]Robert L. Ebel, Measuring Educational Achievement. Englewood Cliffs, New Jersey: Prentice- Hall Inc., 1965.

ispesipikasyon, ito ay isang kagamitang nagpapakita ng isang sistematikong pamamaraan ng pagtatakda ng lawak ng paksang sasaklawain sa pagsusulit at ng bilang ng mga aytem na ginawa para sa bawat kasanayang susukatin. May dalawang uri ng talahanayan: Ang isang hanay (one-way grid) at ang dalawang hanay (two-way grid). Ang ginamit dahil sa pagbibigay ng pagsusulit sa wika ang one way-grid o isahang hanay ang mainam at maaring gamitin.

Isang daang aytem ang inihanda ng mananaliksik na binubuo sa apat na bahagi: Ang unang bahagi ay ang kasanayang Pasalita at pakikinig, ang ikalawang bahagi ay kasanayan sa pagbasa at ang huling bahagi ay ang Pagsulat.

Ang raw iskor at ang tamtamang iskor ay itinakda para sa dalawang pangkat, ang mga pangkat eksperimental at ang mga pangkat kontrol. Ito ang naging batayan sa kompyutasyon ng mga kinalabasan.

**Pangunang Pagsubok ($O_1$ & $O_2$).** Ito ay tumutukoy sa unang pagbibigay ng pagsubok sa dalawang pangkat, ang pangkat: iksperimental at ang pangkat kontrol bago ilapat ang iksperimental na baryabol (X).

**Panghuling Pagsubok ($O_2$ & $O_4$).** Ito ay tumutukoy sa huling pagbibigay ng pagsubok sa dalawang pangkat, ang pangkat:

iksperimental at ang pangkat kontrol bago ilapat ang iksperimental na baryabol (X).

**Eksperimentasyon**

kabilang sa eksperimentasyon na pamamaraan ang: (1) Random na pagtakda sa mga mag-aaral sa pangkat eksperimental ( R) at ang pangkat kontrol (2) Pang-unangPagsubok sa dalawang pangkat kontrol ($O_3$) ; (3) paglalapat sa eksperimental na baryabol o ang independent na baryabol ang dulang pansilid-aralan (X); at ang (4) Panghuling Pagsubok sa pangkat sa pangkat eksperimental ($O_2$) at pangkat kontrol ($O_4$).

**Randomisasyon ( R )**

Ang disenyo sa pag-aaral na ginamit ay ang random na pagpili sa mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Upang magkaagpang o magkapantay ang galing ng dalawang pangkat kinuha ng mananaliksik ang mga marka ng mga kalahok sa asignaturang Filipino IV, mula sa ikalawang markahan, inayos ang pagkakasunod ng kanilang antas, ang pinakamataas ay nilagyan ng bilang isa hanggang limampu ang pinakamahaba. Ang mga pantay na bilang ay sinulatan ang binilot na papel ng PE palantandaan na pangkat eksperimental at ang mga di pantay na bilang ay sinulatan ng PK o pangkat kontrol. Isa-isang pinakuha ng binilot na

papel ang mga kalahok. Magkapantay ang kakayahan ng dalawang pangkat dahil ang pagkakahati ay alinsunod din sa kani-kanilang antas. Anim na mga mag-aaral na may antas na 90-93 ang nahati, 3 ang napabilang sa pangkat na eksperimental at 3 rin ang kabilang sa pangkat kontrol. Ang walong mag-aaral naman na may antas na 85- 89 ang kasali sa pangkat eksperimental at walo rin na mayroon antas na ganito ang napabilang sa pangkat kontrol. Ang sampung mag-aaral na may antas na 80 -. 84 sa PE at sampu rin na may ganito ng antas sa KP. Walo namang mag-aaral ang may antas na 78 - 79 ay nahati rin sa tiggaapat, apat sa pangkat kontrol at apat din sa pangkat eksperimenral. Isinali rin ng mananaliksik ang iba pang mga mag-aaral, hindi bilang tagamasid lamang ngunit sila man ay kasangkot din sa mga gawain sa silid-aralan. Sa gulang naman, 16 hanggang 20, hindi binigyan ng malaking pansin ang pagkamahiligin sa dula o sa pag-arte ng mga kalahok dahil ang pananaliksik na ito ay hindi naman pang entablado o panteatro, ang nililinang ay ang kahusayan sa wika.

**Pangunang Pagsubok ($O_1$ $O_2$)**

Ito ay tumutukoy sa unang pagbibigay ng pagsubok sa dalawang pangkat, ang pangkat eksperimental at ang pangkat kontrol bago ilapat ang eksperimenral na baryabol (X).

Sa loob ng ikatlong markahan isinagawa ang pag-aaral. Ang mananaliksik mismo ang siyang namahala sa pagbigay ng pang-unang pagsubok noong ika-2 ng Disyembre 1993, ito'y ibinigay sa 8:00 hanggang 9:00 ng umaga sa mga pangkat eksperimental. Isinunod din ang pagbigay ng pagsubok sa mga pangkat kontrol sa 9:00 hanggang alas 10:00 ng umaga.

Tiniyak ng mananaliksik na bago umpisahan ng mga kalahok na mag-aaral ang pagsagot, naunawaan at nasunod nilang mabuti ang mga ibinigay na panuto sa pagsusulit.

Paglalapat ng Independent na Baryabol (X)

Pagkatapos maibigay ang pang-unang pagsubok, sinimulan kaagad ang eksperimental na baryabol na dulang pansilid-aralan. Sa pamamaraang ito, binibigyan ng sitwasyon ang mga mag-aaral upang makalikha sila ng mga dayalogo na idadrama sa klase rin mismo. Buong sigla at buhay na buhay ang paggamit nila sa wikang pinag-aaralan. Ang pamamaraang ito ay ginamit simula noong Disyembre 3, 1993 hanggang Pebrero 11, 1994. Pareho rin ang itinakdang panahon sa pangkat kontrol. Apatnapung minuto sa bawat sesyon na umabot ng walong linggo. Ginamit ng mananaliksik ang kumbesyunal na pagtuturo sa mga pangkat kontrol. Ang binibigyan tuon dito ay ang tuntuning nakaugalian. Kontrolado ang paggamit ng wika at ingat na ingat ang mga mag-aaral sa pagkakamali at

kapuna-puna ang pagkamahiyain at pagkakimi ng mga mag-aaral.

Panghuling Pagsubok ($O_2$ $O_4$)

Noong Pebrero 10, 1994 nang matapos maisagawa ang itinakdang panahong pag-aaral, binigyan ng mananaliksik ng post test O panghuling pagsubok ang mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol. Ito'y ibinigay noong Pebrero 12, 1994 sabay na ibinigay ang pagsusulit sa dalawang pangkat. Katulad ng sa unang pagsubok, tiniyak ng mananaliksik na nasunod ng mga mag-aaral ang naibigay na mga panuto sa pagsusulit.

**Pagkontrol sa Salik ng Guro**

Ang mananaliksik ang nagturo sa dalawang pangkat. Ang klase sa pangkat eksperimental ay sa ika 8:00 hanggang 8:40 ng umaga, ang kontrol naman ay 8:40 rin ng umaga. Ang nag-eeksperimento mismo ang gurong mananaliksik. Ang kanyang interes ay ang kabisaan ng eksperimento. Para sa kanya ito ang pinakamahalaga upang bigyang-bisa ang pag-aaral. Layunin niya'y magpakita rin ng kagandahang asal na walang pinapanigan o kinikilingan sa alinman sa dalawang pangkat. Ang pagkampi ng guro sa alinman sa dalawang pangkat ay kontrolado. Bilang guro ng eksperimental at kontrol, pareho ang pakikitungo/pakikisama ng guro. Kahit na ang isang

pangkat ay gumamit ng dulang pansilid-aralan pareho at pantay pa rin ang pakikitungo ng guro, maging sa pag-aasikaso at pagmamalasakit.

**Pagsusuring Istatistikal**

Sa mga winastong papel ng mga mag-aaral, kinuha ang mga tamtamang iskors ng mga pangkat eksperimental at mga pangkat kontrol. Ang kaibhan nito ay sinubok sa pamamagitan ng t-test, ang pormula ay

$$t = \frac{\overline{X_1} - \overline{X_2}}{Sd_x}$$

Saang:

$$Sd_x \sqrt{\frac{Ex1^2 + Ex2^2}{N_1 + N_2 - 2} \left( \frac{1}{N1} + \frac{1}{N2} \right)}$$

$\overline{X_1}$ - ay tumutukoy sa tamtamang iskor ng pangkat iksperimental.

$\overline{X_2}$ - ay tumutukoy sa tamtamang iskor ng pangkat kontrol.

$S_1^2$ - ay tumutukoy sa baryans ng pangkat eksperimental

$S_2^2$ - ay tumutukoy sa baryans ng pangkat kontrol

$N_1$ - ay tumutukoy sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental

$N_2$ - ay tumutukoy sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral na kontrol

Kung ang kinalabasan ay mayroon man o walang natamong kaalaman ang dalawang (2) pangkat, ang kakayahan ng bawat pangkat bago isagawa ang eksperimento at pagkatapos ng eksperimentasyon matuos ginamit ang t-test para sa dependent na mga sample. Iot ay ginamit upang subukin ang mga ipotesis dalawa (2) at tatlo (3). Ang pormula ay:

$$t = \frac{\overline{D}}{\sqrt{\dfrac{ED2 - (ED)2/N}{N\ (N-1)}}}$$

Saan :

$\overline{d}$ = ang tamtamang kaibhan ng 2 pangkat $X_1$ = X2

**Sd** = winastong standard deviation sa kaibhan ng dalawang pangkat.

Ang 0.05 makabuluhang antas ang ginamit. Ginamit ang 0.05 sa antas ng kahalagahan bilang batayan sa pagtanggap o di-pagtanggap sa ipotesis ng pag-aaral na ito.

# Kabanata IV

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Inilalahad sa kabanatang ito ang kinalabasan ng pangunang pagsubok (pretest), ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga ibang antas sa mga mag-aaral na ginamitan ng dulang pansilid-aralan o pangkat iksperimental at ang mga mag-aaral na hindi ginamitan ng dulang pansilid-aralan o pangkat kontrol.

Sa pamamagitan ng mga sinuring datos, ang mga kinalabasan ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga tiyak na suliranin ay inilahad sa mga talahanayan at ipinaliwanag din sa teksto upang lubusang maging malawanang ang mga ito.

**Paglalalawaran sa mga Kalahok:**

Ang pag-aaral ay binuo ng limampung mag-aaral na opisyal na nagpatala sa taong panuruan 193-14 sa Pampurok na Paaralan Ng Pangingisda Ng Samar.

Ang dalawang pangkat ay ipinantay na ang bilang bago pa sinimulan ang iksperimento, ang edad ay 16 hanggang 20 taong gulang. Hindi naging basehan sa pagpili ang kasarian, talino, sukat, kulay, kapansanan at kagandahan sa alinmang pangkat maging iksperimental at kontrol.

Talahanayan 1

Resulta sa Ginawang Pang-unang Pagsubok ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental

| Sample No. | Pangkat Kontrol | Pangkat Eksperimental | $d = X_1 - X_2$ | $X_1^2$ | $X_2^2$ |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 72 | 70 | 2 | 5184 | 4900 |
| 2 | 71 | 68 | 3 | 5041 | 4624 |
| 3 | 70 | 68 | -2 | 4900 | 4624 |
| 4 | 63 | 88 | -5 | 3969 | 4624 |
| 5 | 63 | 60 | 3 | 3969 | 3600 |
| 6 | 63 | 53 | -10 | 3969 | 2809 |
| 7 | 60 | 50 | -10 | 3600 | 2500 |
| 8 | 58 | 47 | 11 | 3364 | 2209 |
| 9 | 57 | 46 | 11 | 3249 | 2116 |
| 10 | 23 | 13 | 10 | 529 | 169 |
| 11 | 20 | 13 | 7 | 400 | 169 |
| 12 | 20 | 13 | 7 | 400 | 169 |
| 13 | 20 | 13 | 7 | 400 | 169 |
| 14 | 20 | 12 | 8 | 400 | 144 |
| 15 | 13 | 11 | 2 | 169 | 121 |
| 16 | 13 | 11 | 2 | 169 | 121 |
| 17 | 13 | 11 | 2 | 169 | 121 |
| 18 | 11 | 11 | 0 | 121 | 121 |
| 19 | 11 | 11 | 0 | 121 | 121 |
| 20 | 11 | 11 | 0 | 121 | 121 |
| 21 | 11 | 10 | 1 | 121 | 100 |
| 22 | 8 | 10 | -2 | 64 | 100 |
| 23 | 7 | 10 | -3 | 49 | 100 |
| 24 | 7 | 10 | -3 | 49 | 100 |
| 25 | 6 | 6 | 0 | 36 | 36 |
| **Total** | **791** | **706** | **85** | **40563** | **33988** |
| **Mean** | **31.64** | **29.04** | **3.34** | | |
| **variance** | **647.32** | **667.71** | | | |

**Computed t-value =0.3585** **Tabular t-value = 2.0168**

**Level of significance = 0.05** **Degree of Freedom = 48**

**Desisyon: Tanggapin ang ipotesis**

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita sa istatistikal na pagtalakay sa kinalabasan na mga iskors sa pang-unang pagsubok sa eksperimental at kontrol na pangkat. Ang eskeperimental na pangkat ay may tamtamang iskor na 29.04, ang tamtamang iskor ng kontrol na pangkat ay 31.64 na may tamtamang kaibhan na 3.24.

Ang kinumpyut na t-value na 0.3585 ay mababa kaysa tabular t- value na 2.0168 sa 0.05 makabuluhang antas na may 48 antas ng kalayaan. Yaman ang tinuos na t-value ay mababa kaysa tabular t-value, ang hipotesis sa unang bilang nagsasaad na walang makabuluhang kaibhan ang tamtamang iskor ng mga pangkat iksperimental at pangkat kontrol batay sa tamtamang iskor sa pang-unang pagsubok, ito'y pagtanggap.

Nagpapakita ito na ang dalawang pangkat na mga kalahok ay may humigit kumulang na pantay ang kakayahan sa simula pa lamang ng iksperimento, sa dahilang kaukulang pinantay ang grado sa Filipino IV na kinuha sa ikalawang markahan.

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita sa istatistikal na pagtalakay na kinalabasan ng paanghuling pagsubok na iskor na mga pangkat iksperimental at pangkat kontrol. Ang pangkat kontrol ay may tamtamang iskor na 52.44 at ang

Talahanayan 2

**Resulta sa Ginawang Panghuling Pagsubok ng Pangkat Kontrol at Pangkat Eksperimental**

| Sample No | Pangkat Kontrol | Pangkat Eksperimental | d= $X_1 - X_2$ | $X_1^2$ | $X_2^2$ |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 78 | 80 | -2 | 6084 | 6400 |
| 2 | 76 | 81 | -5 | 5776 | 6561 |
| 3 | 76 | 78 | -2 | 5776 | 6084 |
| 4 | 78 | 78 | 0 | 6084 | 6084 |
| 5 | 60 | 76 | -16 | 3600 | 5776 |
| 6 | 70 | 74 | -4 | 4900 | 5476 |
| 7 | 68 | 73 | -5 | 4624 | 5329 |
| 8 | 63 | 67 | -4 | 3969 | 4489 |
| 9 | 68 | 70 | -2 | 4624 | 4900 |
| 10 | 42 | 55 | -13 | 1764 | 3025 |
| 11 | 33 | 72 | -39 | 1089 | 5184 |
| 12 | 36 | 53 | -17 | 1296 | 2809 |
| 13 | 29 | 46 | -17 | 841 | 2116 |
| 14 | 42 | 40 | 8 | 1764 | 1600 |
| 15 | 28 | 20 | 8 | 784 | 400 |
| 16 | 24 | 26 | -2 | 579 | 676 |
| 17 | 38 | 52 | -14 | 1444 | 2704 |
| 18 | 21 | 24 | -3 | 441 | 756 |
| 19 | 30 | 20 | 10 | 900 | 400 |
| 20 | 37 | 26 | 11 | 1369 | 676 |
| 21 | 37 | 30 | 7 | 1369 | 900 |
| 22 | 20 | 60 | -40 | 400 | 3600 |
| 23 | 28 | 30 | -2 | 784 | 900 |
| 24 | 33 | 43 | -10 | 1089 | 1849 |
| 25 | 20 | 37 | -17 | 400 | 1369 |
| **Total** | **1135** | **1311** | **-176** | **61747** | **79883** |
| **Mean** | **45.40** | **52.44** | **-7.04** | | |
| **Variance** | **425.75** | **463.92** | | | |

**Computed t-value = 1.180** **Tabular t-value = 2.0168**

**Level of significance = 0.05** **Degree of Freedom = 48**

**Desisyon: Tanggapin ang null ipotesis**

tamtamang iskor sa kontrol na pangkat ay 45.4 na may tamtamang kaibhan na 7.04.

Ang tinuos na t-value na 1.166 na mababa kaysa tabular t-value na 2.0168 sa 0.05 makabuluhang antas na may 48 antas ng kalayaan. Yamang ang tinuos na t-value ay mababa kaysa tabular t-value, ang ipotesis ikalawa na nagsasaad na walang makabuluhang kaibhan ang iksperimental at kontrol an pangkat batay sa panghuling pagsubok na iskor, ito'y tinatanggap.

Maliwanag, na ang kakayahan ng dalawang pangkat ay walang makabuluhang kaibhann ang kinalabasan ay di maikakaila na ang pangkat eksperimental higit sa lahat ay nagsasari-sariling pagsasagawa at paglikha, samantal ang pangkat kontrol ay halos laging nakikipag-alam, nakikiharap at pangngasiwaan ang mga dapat gawin.

Ipinapakita sa talahanayan 3 ang istatisitkal na pagsusuri na isinagawa batay sa kinalabasan ng pang-una at panghuling pagsubok na mga iskor sa pangkat eksperimental. Ang pangkat eksperimental ay may tamatamang iskor na 28.875 sa pagsubok at 52.33 sa panghuling pagsubok. Ang kinumpyut na t-value na 0.587204 ay mababa kaysa tabular t-value na 2.064 sa 0.05 makabuluhang antas na may 24 antas

Talahanayan 3

Resulta sa Ginawang Pang-unang at Panghuling Pagsubok ng Pangkat Iksperimental

| Sample No | Pangkat Kontrol | Pangkat Eksperimental | D agwat | $D^2$ |
|---|---|---|---|---|
| 1 | 70 | 80 | 10 | 100 |
| 2 | 68 | 81 | 13 | 169 |
| 3 | 68 | 78 | 10 | 100 |
| 4 | 68 | 78 | 10 | 100 |
| 5 | 60 | 76 | 16 | 256 |
| 6 | 53 | 74 | 21 | 441 |
| 7 | 50 | 73 | 23 | 529 |
| 8 | 47 | 67 | 20 | 400 |
| 9 | 46 | 70 | 24 | 576 |
| 10 | 13 | 55 | 42 | 1764 |
| 11 | 13 | 72 | 59 | 3481 |
| 12 | 13 | 53 | 40 | 1600 |
| 13 | 13 | 46 | 33 | 1089 |
| 14 | 12 | 40 | 28 | 784 |
| 15 | 11 | 20 | 9 | 81 |
| 16 | 11 | 26 | 15 | 225 |
| 17 | 11 | 52 | 41 | 1681 |
| 18 | 11 | 24 | 13 | 169 |
| 19 | 11 | 20 | 9 | 81 |
| 20 | 11 | 26 | 15 | 225 |
| 21 | 10 | 30 | 20 | 400 |
| 22 | 10 | 60 | 50 | 2500 |
| 23 | 10 | 30 | 20 | 400 |
| 24 | 10 | 43 | 33 | 1089 |
| 25 | 6 | 37 | 31 | 961 |
| **Total** | **706** | **1311** | **605** | **19201** |
| **Mean** | **28.24** | **52.44** | **24.20** | |

**Computed t-value = 8.894** **Tabular t-value = 2.064**

**Level of significance = 0.05** **Degree of Freedom = 24**

**Desisyon: di-tinangap null ipotesis**

ng kalayaan. Yaman ang kinumpyut na t-value ay mataas kaysa tabular t-value, ang hipotesis na na nagsasaad na walang makabuluhang kaibhan ang pang-unang at panghuling pagsubok ng pangkat eksperimental, Ito'y tinanggap.

Kapansin-pansin na ang kakayahan ng mga pangkat eksperimental ay ibinatay sa tamtamang iskor. Gayunpaman, ito'y magpapatunay na ang paggamit ng dulang pansilid-aralan ay nagpapaunlad sa kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang pagsusuring istatistikal sa talahanayan 4 sa naging kinalabasan sa pang-una at panghuling pagsubok ng pangkat kontrol ay, ang tamtamang iskor sa pang-unang pagsubok ay 31.64 at ang pang huling pagsubok ay 45.4. Ang kinumpyut na t-value na 2.064 sa 0.05 makabuluhang antas 24 antas kalayaan. Yamang ang kinumpyut sa t-value ay mataas kaysa tabular t-value, ang hipotesis na nagsasaad na "walang makabuluhang kaibhan ang pang-una at ang panghuling pagsubok na resulta sa pangkat kontrol", ito ay di tinatanggap.

Napatunayan na mabuti at may kahusayan din ang mga pangkat kontrol batay sa t-test, ang lamang nito ay may makabuluhan sa pagtuturo ng kasanayang komunikatibo sa Filipino.

Talahanayan 4

**Resulta sa Ginawang Pang-unang at Panghuling Pagsubok ng Pangkat Kontrol**

| Sample No | Pang-unang Pagsubok | Pangkat Pagsubok | d difference | $d=E_1-E_2$ |
|---|---|---|---|---|
| 1 | 72 | 78 | 6 | 36 |
| 2 | 71 | 76 | 5 | 25 |
| 3 | 70 | 76 | 6 | 36 |
| 4 | 63 | 78 | 15 | 225 |
| 5 | 63 | 60 | -3 | 9 |
| 6 | 63 | 70 | 7 | 49 |
| 7 | 60 | 68 | 8 | 64 |
| 8 | 58 | 63 | 5 | 25 |
| 9 | 57 | 68 | 11 | 121 |
| 10 | 23 | 42 | 19 | 361 |
| 11 | 20 | 33 | 13 | 169 |
| 12 | 20 | 36 | 16 | 256 |
| 13 | 20 | 29 | 9 | 81 |
| 14 | 20 | 42 | 22 | 484 |
| 15 | 13 | 28 | 15 | 225 |
| 16 | 13 | 24 | 11 | 121 |
| 17 | 13 | 38 | 25 | 625 |
| 18 | 11 | 21 | 10 | 100 |
| 19 | 11 | 30 | 19 | 361 |
| 20 | 11 | 37 | 26 | 676 |
| 21 | 11 | 37 | 26 | 676 |
| 22 | 8 | 20 | 12 | 144 |
| 23 | 7 | 28 | 21 | 441 |
| 24 | 6 | 20 | 14 | 196 |
| **Total** | **791** | **1135** | **346** | **6182** |
| **Mean** | **31.64** | **45.4** | | |

**Computed t-value = 9.08** **Tabular t-value= 2.064**

**Level of significance = 0.05** **Degree of Freedom = 24**

**Desisyon: di-tinangap ang null ipotesis**

**Mga Implikasyon sa Pag-aaral**

Sa pag-aaral na ito narito ang mga sumusunod na mga implikasyon: Ang paggamit ng estrateheyang dula sa pansilid aralan ay makatutulong sa aktuwal na paggamit ng wika sa mga tunay na sitwasyon.

Maari ring magamit sa pang araw-araw na buhay na kung saan man makapapagbibigay ng katatagan sa mga mag-aaral. Ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay hindi lamang magsisilbing gabay sa kani-kanilang paglaki kundi sila mismo ang makatulong sa kapwa na magamit ang wika sa nararapat na sitwasyon o okasyon.

Ang palaging paggamit ng wika ay magbibigay daan sa bawat isa. Ang malinang ang kanilang kakayahan, kasanayan at sa huli'y kahusayan sa paggamit nito. Dito matatantiya ang tunay na hinyo ng pagka Pilipino.

## Kabanata V

### LAGOM NG KINALABASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Inilalahad ng kabanatang ito ang lagom ng kinalabasan, konklusyon at mga rekomendasyon na naangkop sa kinalabasan at implikasyong nakuha ng pag-aaral na ito.

**Lagom ng Kinalabasan**

Ang kaukulang mga paliwanag sa kinalabasang pag-aaral ay ang mga sumusunod:

1. Ang tamtamang iskor sa pang-unang pagsubok na nakuha ng pangkat eksperimental ay 28.24; samantala ang mga pangkat kontrol ay nakakuha ng 31.64 na may tamtamang kaibhan na 3.24 lamang. Ang tinuos na t-value ay 0.4842 na mababa kaysa critical t-value na 2.0168 sa 0.05 makabuluhang antas na may df= 0.48. Samakatuwid ang hipotesis una ay tinanggap, nagpapatunay na sa simula pa lamang ng eksperimento, ang kakayahan ng dalawang pangkat at magkapantay.

2. Ang tamtamang iskor na nakuha ng mga pangkat eksperimental sa panghuling pagsubok ay 52.44 habang ang tamtamang iskor ng pangkat kontrol ay 45.4 na may tamtamang kaibhan

na 7.04. Ang tinuos na t- value ay 1.1922 na mababa kaysa tabular na 2.0168 t-value sa 0.05 makabuluhang antas na may df = 48. Yamang ang tinuos na t-value ay mababa kaysa tabular t-value, ang kinalabasan ay nagpapakita na ang pamaraang ginamit sa pangkat eksperimental ay nagkakalayo sa kumbensyunal na pamamaraan sapagkat mayroon din kakayahang ipinakita ang pangkat kontrol.

3. Ang kaibhan ng iskor sa pang-una at panghuling pagsubok sa pangkat eksperimental ay 28.875, ang tamtamang iskor sa panghuling pagsubok ay 52.33. Ang tinuos na t-value na 0.5872504 ay mababa kaysa tabular t-value na 2.064 sa 0.05 makabuluhang antas na may df = 24. Yamang ang kinumpyut na t-value ay mababa kaysa tabular t-value ang hipotesis bilang 2 ay tinanggap na walng makabuluhang kaibhan ang pag-unlad ng kasanayang komunikatibo ng dalawang pangkat na tinuruan sa pamamagiatn ng dulang pansilid -aralan at ang mag-aaral na tinuruan ng kumbensyunal na pamamaraan.

4. Ang tamtamang iskor na Pang-unang Pagsubok ng pangkat kontrol ay 31.64 at 45.4 sa panghuling pagsubok. Ang tinuos na t-value ay 8.948 na mataas kaysa tabular t-value na 2.06 sa 0.05 makabuluhang antas na may df = 24.

Sapagkat ang tinuos na t-value ay mataas kaysa tabular t-value ang ipotesis na walang makabuluhang pag-unlad ang

kasanayang komunikatibo sa Filipino ng dalawang pangkat mula sa pang-unang pagsubok hanggang sa panghuling pagsubok ay hindi tinanggap.

Samakatuwid, ang pagtuturo ng kasanayang komunikatibo sa pamamagitan ng dulang pansilid-aralan ay mabisang paraan sa pagpapaunlad na kasanayang kommunikatibo sa Filipino.

**Konklusyon:**

Hango sa kinalabasang pag-aaral, ang mga sumusunod na konklusyon ay nabuo.

1. Bago isinagawa ang iksperimento, ang mga pangkat eksperimental at pangkat kontrol na mga mag-aaral ay nagpamalas ng magandang saloobin sa gurong mananaliksik. Ang halagang pangkatauhan ay isinanib sa ginawang pagtuturo.

2. Bago ilapat ang iksperimental na baryabol, ang mga pangkat eksperimental at ang mga apangkat kontrol ay halos magkapareho ang kanilang kakayahan sa kasanayang komunikatibo. Ito'y pinatunayan sa pamamagitan ng random na pagipili ng mga kalahok na walang pinanigan.

3. Sa kasanayang komunikatibo, ang dalawang pangkat ay halos magkatulad ang kakayahan, batay sa kinalabasan ng pang-unang pagsubok.

4. Ang pangkat na ginamitan ng dulang pansilid-aralan ay may ipinakitang pag-unlad sa kasanaynag komunikatibo batay sa kinalabasan ng pang-una at panghuling pagsubok na kakayahan.

5. Ang kasanayang komunikatibo ay matamo rin sa pamamagitan ng kumbensyunal na pamamaraan sa pamamagitan ng kinalabasan sa pang-una panghuling pagsubok na tamtamang iskor.

6. Ang dulang pansilid-aralan na pamamaraan ay epektibo katulad ng kumbensyunal na pamamaraan sa kasanayang komunikatibo sa Filipino.

**Mga Rekomendasyon:**

Batay sa mga kinalabasan at konklusyon ng pag-aaral nabuo ang mga sumusunod ang mga rekomendasyon.

1. Upang maging bihasa ang mga mag-aaral sa wikang pinag-aaralan, kailangang maging mapamaraan ang guro sa pagtuklas ng iba pang inobasyon ng pagtuturo upang malinang ang kasanayan at kaalaman sa paggamit ng Filipino sa pakikipagtalastasan na angkop sa sitwasyon, pangangailangan at pagkakataon.

Magkaroon ng positibong saloobin na tayo sa kasalukuyan ay nasa komunikatibong yugto na ang pokus ay ang aktuwal na paggamit ng wika kaya, anumang improbisyon ay hindi maging hadlang upang mapayabong at mapaunlad ang wikang Filipino.

Ang paggamit sa ganitong estratehiya nalilinang ang interaksyon sa mga kimi at mapag-isang mag-aaral na makisangkot sa mga gawain. Mabisang paraan din ito sa pagtuturo ng halagang pangkatauhan sa pamamagitan ng paggamit ng mga magagalang na mga pananalita, himig ng boses (kung ang ibinigay na sitwasyon ay matanda ang kausap.

2. Ang palaging pagpapagamit ng wika sa mga mag-aaral ay makalilinang sa kasanayang komunikatibo dahil sila-sila mismo ang nagsasanay tungo sa pagiging matatas sa paggamit ng wika. Nagkakaroon din ng kasiya-siyang talakayan dahil hindi lang mga mag-aaral ang nawiwili gayon din ang guro. Kung minsan ang kakulangan ng upuan ay hindi sagabal dahilan sa hindi sa lahat ng minuto na ang mga mag-aaral ay nakaupo.

3. Padaluhin ang mga guro sa mga seminar at gawaing kapulungan sa wika upang magalap ng mga makabagong pamamaraan ng pagtuturo at tuklasin ang bisa nito.

4. Magsagawa pa ng ganitong uri ng pag-aaral sa ibang taon ng parehong antas sa sekundarya.

KABANATA VI

# ANG MGÁ PAKSANG ARALIN AT BANGHAY SA PAGTUTURO

Sa kabanatang ito inilahad ang isang madetalyeng diskusyon ng mga paksang aralin at banghay sa pagtuturo ng Filipino IV na sumasaklaw sa mga sumusunod na paksa: Mga nilikhang dulang pansilid-aralan: pagtuturo ng wika sa pamamaraang komunikatibo, at mga banghay-aralin na ginamit sa pagsasagawa ng pananaliksik.

## Mga Nilikhang Dulang Pansilid-Aralan

Ito ay ginamit bilang lunsaran at naging gabay sa isinagawanç iksperimento. Binubuo ng mga pampanitikan at pangwika upang malinang ang mga kaalaman at kasanayan bukod pa sa pagbibigay-diin sa mga pagpapahalaganç Filipino at iba pang aspekto ng kulturang iniwan sa atin ng lumang kabihasnan Iniangkop dito ang makabagong takbo ng buhay at iniugnay sa kultura natin. Kasama rito ang mga araling lilinangin at paghubog sa katauhan ng mga mag-aaral. Ito rin ang magiging kasangkapan ng mga mag-aaral sa pagpapaanyo ng kanilang katauhan, karanasan, hilig, at pagkamalikhain sa mabisang pagpapahayag at pakikipagtalastasan. Higit sa lahat malinang ang kakayahang komunikatibo sa layuning matamo ng mga maç-aaral ang mga

kasanayang makro ang pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat.

# MGA PAKSANG ARALIN AT

# BANGHAY NG PAGTUTURO

# SA

# PANGKAT IKSPERIMENTAL

**Banghay ng Pagtuturo ng Wika sa Pamamaraang Kominikatibo (Pakikipagtalastasan)**

**I. Mga Layunin**

1. Nagagamit ang wika sa mabisang pakikipagtalastasang pasalita.

2. Natutukoy ang mga pagpapahalagang Filipino na nalinang sa aralin tulad ng disiplinang pansirili at pagkakaisa.

3. Naisasadula ang ibinigay na sitwasyon sa bawat pangkat.

**II Paksang aralin**

A. Dulang pansilid-aralan pagsasadula ng "Mabuting Pamumuno"

B. Huwarang duladulaan, Tape recorder

**III Pamamaraan**

A. Paghahanda

1. Pambukas na panalangin

2. Pangkatan pagtsek ng liban

B. Pangganyak

Sino sa inyo ang kasapi ng Kabataang barangay?

An na ang nagawa ng inyong samahan para sa inyong pamayanan?

C. Paglalahad

1. Pangkatin ang klase sa tatlo o apat ang bawat pangkat ay may walo hanggang sampung kasapi.

2. Pumili ng lider ang bawat pangkat. Ang bawat lider ay bubunot ng nakabilot na papel sa kahon.

3. Pag-uusapan ng pangkat ang napiling sitwasyon sa loob ng 5-7 minuto.

D. Pangkatang Pagsasadula

Ipakita kung paano ang pagsang-ayon o pagsalungat sa sitwasyong inyong nabunot.

1. Ann pinuno ng KB ay tatawag ng pulong upang pag-usapan ang tungkol sa pagsasagawa ng proyekto. Magkakaroon sila ng badyet sa P40,000.00 mula sa pondo ng gobyerno.

2. Bilang isang mabuting padre de pamilya, pagusapag kung paano malulutas ang suliraning sa pananalapi o pamumuhay.

3. Ipakita kung paano ang mabuting panga-ngasiwi ng isang butihing ina sa kanyang mga anak tuwing umaga bago pumasok ang mga anak sa paaralan.

Mga dapat tandaan:

1. Gamitin ang wika sa mabisang pakikipagtalastasan upang maibahagi ang saloobin.

2. Ipakita ang pagsalungat o pagsang-ayon ngunit napapanatili pa rin ang mabuting pakikipagkapwa.

3. Ang bawat pangkay ay bibigyan ng 5-7 minuto upang maisadula ang napiling sitwasyon.

IV Takdang-Aralin

Sumulat ng komposiyon tungkol sa "Karanasang Hindi Ko Malilimutan". Maaaring ito'y nakatutuwa, nakatatakot o nakahihiya. Sundin ang bawat bahagi ng balangkas sa pagsulat ng komposisyon.

**Banghay ng Pagtuturo ng Wika sa Pamamaraang Komunikatibo (Pagpapahayag na Pasalita)**

1. **Mga Layunin**

1. Nagagamit ang wika sa mabisang pagpapahayag na pasalita.

2. Natutukoy ang mga pagpapahalagang Pilipino sa aralin tulad ng pagkamalikhain, pagmamalasakit sa kapwa at pagtitiwala sa sarili.

3. Naisasakilos ang isinasaad na sitwasyon.

II **Paksang aralin**

A. Dulang Pansilid-Aralan: Pagsasatao "Anç Pagbebenta".

B. Transparency at overhead Projector

III Pamamaraan

A. Paghahanda

1. Pambukas na Panalangin.

2. Pangkatang pagtsek ng pagdalo sa klase.

B. Pangganyak

Sino sa inyo ang nakapanood sa T.V. na mga patalastas tungkol sa mga produktong pampakinis ng kutis, pampalago ng buhok, pampaganda ng katawan at mukha.

Nababasa rin ba ninyo sa mga magasin o pahayagan ang tungkol sa mga ganitong patalastas?

C. Paglalahad

1. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang mabisang paraan ng pagbebenta ng anumang produkto?

   a. mahusay na pamamahayag
   b. magalang ang tindera
   c. maganda ang tindera
   d. mura ang produkto
   e. nagbibigay ng libre/sample
   f. lapaki-pakinabang sa tao
   g. madulas ang dila ng tindera
   h. ipinakikita kung paano ang paggamit ng produkto.
   i. ipinauutan ang tinda
   j. matiyaga ang tindera

2. Pangkatanç Pagsasatao□

   Gawainç Pasalita

   a. Magpangkat-pangkat ayon sa dami ng klase. Hatiin sa limang pangkat.
   b. Pumili nç lider ang bawat pangkat
   c. Pag-uusapan kung paano ninyo ibi-bentá anç alimaî sá mgá sumunod.

- pampapayat nç katawan sa loob ng isang linggo.
- pampakinis ng kutis
- pampalagi ng buhok
- pampanganda ng katawan
- pampatangkad sa loob ng 15 minuto

d. Hayaang bumunot ng sitwasyon ang lider, pag-uusapan ito sa loob ng 5-7 minuto na maisasatao ang nabunot na sitwasyon sa harap ng klase.

D. Pagpapahalagang Pagsulat.

A. Sagutin ang sumusunod na tanong ng Oo o Hindi.

1. Naunawaan mo ba ang aralin _____
2. Naisagawa ba ang sitwasyon _____

B. Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang mabisang paraan ng pag-bebenta ng anumang produkto?
2. Anu-ano pagpapahalagang Filipino ang nalinang sa ating aralin? Piliin ang mga sagot sa SS.:
   a. pagkamalikhain
   b. pagkakaisa
   c. pagtitiwala sa sarili
   d. katapatan

e. disiplinang sa kapwa

f. pagmamalasakit sa kapwa

g. paggalang sa karapa pantao

IV **Takda**

Gumawa ng isang mabisang anunsyo tungkol sa isang produkto na nais mong ibenta. Isulat ito sa kartolina.

Banghay ng Pagtuturo sa Pagbasa

**I. Mga Layunin**

1. Naisasagawa ang wastong paraan ng pagbasa nang tahimik/pabigkas.

2. Nakikilala ang mga bagong salita sa pamamagitan paggamit sa pangungusap.

3. Naibibigay ang kasinçkahuligan ng salita.

**II Paksang aralin**

A. Dula-dulaan: Pusong Papel; Nilikhang dula-dulaan ni G. B. Biron.

B. Mga Kagamitan

Mga larawan, mga tsart at mga dula-dulaan.

**III Pamamaraan**

A. Pagganyak

Ipakita ang isang ginupit ná pusonç papel. Ano ang sagisag ng puso? Sinu-sinu ang pinakamamahal ninyo sa buhay? Paano ninyo ipakikita ang inyong pagmamahal sa kanila? Pakingan ang paliwanag bf bawat mag-aaral.

B. Paglalahad

1. Pag-alis ng sagabal.

Pagtapat-tapatin ang kasingkahulugan ng

mga salita sa hanay A sa hanay B, Ipakita sa pamamagitan ng guhit.

| A | B |
|---|---|
| 1. makabuluhai | kasama |
| 2. sumabad | regalo |
| 3. magkahalo | mahalaga |
| 4. di-mapalagay | pumasok |
| 5. handog | premyo |
| 6. kalakip | sumagot |

2. Pagbasa nang tahimik

3. Pagsagot sa mga tanong

   1. Bakit magkahalong lungkot at saya ang nadama ni Mary sa narinig niyang pag-uusap ng kanyang kapatid?
   2. Bakit hindi siya mapalagay nang gabing iyon?
   3. Ano sa palagay ninyo ang ginawa ni Mary at gabing-gabi na siyang natulog.
   4. Nagustuhan ba ng magulang ni Mary ang kanyang handog?
   5. Kanais-nais ba ang inugali ng mga anak at magulang sa dula-dulaan?
   6. Paano ninyo ipinadarama sa inyong mga

mahal sa buhay ang inyong pagmamahal?

2. Pagbasa nang malakas

3. Pagsasadula

C. Ebalwasyon

Basahin nang malakas ang dula-dulaan sa wastong paraan.

IV Takdanç-Araling

Sumulat sa inyong kwadernong pañsanay ng limang salitang magkakasing kahulugan.

**Banghay ng Pagtuturo sa Dulang Pansilid-Aralan**
**(Pananalita sa Pagbibigay ng Pakikiramay)**

1. **Mga Layunin**

1. Nagagamit ang angkop na pananalita sa pagbibigaù nç pakikiramay.

2. Naiuugnay sa kultura ang pagbibigay at pagtanggap ng pakikiramay.

3. Nakabubuo ng mga usapan hinggil sa mga sitwayo inilahad.

II **Paksanç Aralin**

A. Pagbibigay at pagtanggal ng pakikiramay

B. Sanggunian: Hanguang Aklat sa Filipino IV

d. 145-146

III **Kagamitan**

Mga Diyalogo at sitwasyong idadrama.

IV **Pamamaraan**

A. Paghahanda

(Larong Pangwika-Word Association)

Pag-usapan ang ilang pangyayari ng tumutukoy sa mga nabanggit na sitwasyon.

Halimbawa:namatayan,nasunugan, naaksidente at iba pa

B. Paglalahad

Ipabasa ang isang cued dayalog tungkol sa sitwasyon.

Pag-usapan ang paksa, relasyon ng nag-uusap Layuning ng paguusap at iba pang aspekto tungkol sa dayalog.

Ipatukoy ang kultural Pilipino sa napapaloob bawat usapan at mga kaangkupan ng pananalitang ginamit.

Pagtatala ng mga salitang pakikiramay at angkop na mga sagot.

C. Pagsasanay

1. Pagsasatao ng mga napiling sitwasyon at pagbibigay at pagtanggap ng pakikiramay.

2. Pahalagahan ang pamamaraang ginamit sa pagbibigay at pagtanggap ng pakikiramay.

D. Paglalapat

Magpankat-pangkat. Gumawa ng mga usapan ayon sa mga sumusunod na sitwasyon. Isadula pagkatapos.

a. Namatay ang ama ng iyong kaklase.

b. Bumagsak sa eksamen ang iyonn matalik na kaibigan.

c. Nasunugan ng bahay ang iyong tiyahin.

**Banghay- Aralin ng Pagtuturo sa Dulang Pansilid-Aralan (Pagsalungat /pagsang-ayon)**

1. **Mga Layunin**

1. Naipahahayag nang maganda, malinaw at maayos ang pagsalungat/pagsang-ayon.

2. Nakabubuo ng usapan batay sa isang sitwasyon.

3. Naisasagawa ang usapang nabuo.

II **Paksang aralin**

Pagsalungat at Pagsang-ayon

( Hindi
( Aya ko po
(Huwag naman
( Opo
( Totoo nga ba ang iyong sinabi
( Tunay nga

III **Kagamitan**

Sitwasyon

IV **Pamamaraan**

A. Paghahanda

Ibigay sa mga bata ang sitwasyon na nakasulat sa pisara. Hahanap sila ng gusto nilang kapareha. Bigyan sila ng 3 minuto para sa paghahanda.

Nagpaalam si Agnes sa kanyang ama para sumama sa isang outing ng klase sa Matabungkay Beach Resort. Ayaw payagan ng ama si Agnes dahil kung

maliligo siya, baka siya malunod. Ipinangako ni Agnes sa kanyang ama na hindi na lang siya maliligo payagan lamang siya. Sa bandang huli ay pumayag na rin ang kanyang ama.

B. Paglalahad

1. Batay sa napanood. Itanon sa mga bata kung tungkol saan ang paksang pinag-usapan, relasyon ng mag-uusap, layunin ng nag-uusap.

2. Anu-ano an mga ekspresyong ginagamit sa pag-salungat/pagsang-ayon? Itala ang mga ito sa pisara.

3. Suriin ang mga pananalitang ginamit sa usapan ng anak at ama.

4. Bakit ganoon ang mga pananalitang ginamit ng anak?

C. Pagsasanay

Ibigay ang mga sumusunod na sitwasyon. Batay dito pagawain ang mga mag-aaral ng usapan na ginagamitan ng ekspresyon nakatala sa pisara. Iparirinig sa klase ang nabuong usapan.

1. Nahilingan ka ng iyong kaklase na mamasyal at manood ng sine pagkatapos ng inyong mahabang pagsusulit.

Gusto-gusto mo naman anç kanyang iminumungkahi kaya't sumang-ayon ka sa kanya.

D. Paglalapat

Kung kayo ay sang-ayon, pumunta sa kanan ng guro, kung hindi naman, pumunta sa kaliwa at kung neutral manatiling nakaupo.

1. sang-ayon ba kayo sa pre-marital sex?
2. sang-ayon ba kayo na dapat may asawa ang mga pareng katoliko?
3. Dapat bang alisin ang NSAT?

Banghay- Aralin ng Pagtuturo sa Dulang
Pansilid-Aralan
(Pagbibigay at Pagtanggal ng Papuri)

I. Mga Layunin

1. Nagagamit ang angkop na pananalita sa pagbibigay at pagtanggap ng papuri.

2. Naiuugnay sa kultura ang pagbibigay at pagtanggap ng papuri.

3. Nakabubuo ng mga usapan hinggin sa mga sitwasyon inilahad.

II Paksanç aralin

Pagbibigay at Pagtanggap ng Papuri

III Kagamitan

Mga dayalog at sitwasyon.

IV Pamamaraan

A. Paghahanda

Pag-uusapan ang ilang pangyayari na tumutukoy sa tagumpay, paç-unlad at masasayang kaganapan sa buhay mag-aaral.

Ipaliwanaç ang angkop na reaksyon, kilos at pananalita sa ganitong pagkakataon.

B. Paglalahad

Ipabasa ang dayalog tungkol sa mga tinutukoy na sitwasyon.

Pag-usapan ang paksa, relasyon ng nag-uusap, layunin ng pag-uusap at iba pang aspekto tungkol sa dayalog.

Ipatukoy ang kulturang Pilipino na napapaloob sa bawat usapan at ang kaangkupan ng pananalitang ginamit.

C. Pagsasanay

1. Bukod sa pananalitang nagpapahayag ng papuri at pagtanggap ng papuri na ginamit sa bihasang dayalog, papagbigayin pa ng ibang ekspreyon ang mag-aaral.

2. Magbigay ng mga sitwasyon at hayaang bumuo ng maikling usapan ang mga maç-aaral. Pahalagahan ang pamamaraang ginamit sa pagbibigay at pagtanggap ng papuri.

D. Paglalapat

1. Pasalita

Pagpapagawa sa gawain sa bilang 2 sa p.60 ng aklat.

2. Pagsulat

Papipiliin ang maç-aaral ng isa sa mga sitwasyon sa gawain 2. Pasulatin sila ng

liham na nagpapahayag ng papuri.

V. **Takda**

Gawan ng usapan ang mga sumusunod na sitwasyon. isulat sa inyong kuwadernong pansanay.

1. Ikaw ang nakahuha ng pinakamataas na iskor sa eksamin.
2. Nakatanggap ka ng maraming papuri galing sa mga guro at kamag-aral.

MGA NILIKHANG DULANG PANSILID-ARALAN

## I PAGSASATAO

### A. Pag-aaralan Ko

**1. Paghahahnda**

Magtatanong ang guro sa mga mag-aaral kung sino ang nakarating na sa malayong lugar nang nag-isa. Ipasalaysay sa klase kung ano ang naging karanasan sa napuntahang lugal.

**2. Paglalahad**

Sasabihin ng guro na:

"Tingnan natin kung paano ninyo isasagawa ang mga sitwasyon ilalahad nang nasa nakatiklop na papel na mabubunot ng bawa't pangkat at pipili ng lider at bubunot ng nakatiklop na papel sa loob ng kahon".

**3. Pangkatanç Gawain**

Pag-uusapan ng bawa't pangkat ang nakasaad sa nabubunot na papel sa pamumuno ng lider. Bibigyan sila ng lima hanggang pitong minuto. Pagkatapos, ang bawa't pangkat ay nagsasatao ng mabunot na sitwasyon. Ang ibang pangkat naman ay nanonood at nakikinig.

Narito ang mga sitwasyon.

a. Kailangan makaalis kayong magkakaibigan sa araw na ito upang makadalo sa pagtitipong inihanda ng

iyong matalik na kaibigan sa Maynila kinabukasan. Ngunit nahuli kayo sa pagbili ng tiket. Ano ang iyong gagawin?

b. Inanyayahan kang dumalo sa pagtatapos ng iyong pinsan. Ito ay gaganapin sa susunod ng linggo. Subali't hindi mo alam ang lugar na nakasaad sa sulat. Paano ang gagawing mo upang makarating ka roon?

c. May kakayahan ka sa pag-awit. Gusto mong maging isang sikat na mag-aawit balang araw. Subalit ngayon ay nag-aaral ka pa. Ano ang gagawin mo upang matupad ang pangarap mong ito.

d. Lima kayong napiling kinatawan ng inyong paaralan na dadalo sa isang panrehiyong pagpupulong tungkol sa inyong kapisanan. Libre ang gastos maliban sa pagdala ng sariling gamit sa katawan. Ngunit tutol ang inyon mga magulang na sumama kayo sa nasabing pagpupulong. Ano ang gagawin ninyo?

e. Magpapatala ka sa isang paaralan bilang bagong lipat. Hindi mo alam kung sinu-sino ang mg kakausapin at kung saan ka pupuntang opisina. Ano ang gagawin mo?

**4. Pagpapahalaga**

Pagkatapos ng pangkatang pagsasatao, pagusapan ang mga puna o mungkahi para sa ikauunlad ng bawa't pangkat.

Sa isang kapat na papel, piliin ang mga pagpapahalangang Filipino na nalinang sa isinagawang pagsasatao. Nakalagay ito sa tsart na ipakikita ng guro.

## B. Paghihingi/pagbibigay ng Payo

**Pamamaraan**

1. Paghahanda

Tanungin ang mga mag-aaral kung anong programa sa T.V. o sa radyo ang nauukol sa pagpapayo sa mga may ipinadadalang problema, alin dito ang nagustuhan nila? Bakit?

**2. Paglalahad**

Subukan nating gayahin ang programa sa T.V. Pag-aralan natin kung paano ang paghihingi, pagbibigay ng payo.

Hatiin ang klase ng dalawa. Ang unang pangkat ang siyang susulat ng kani-kanilang problema. Maaring tungkol ito sa pag-aaral sa pamilya o sa pag-ibig. Isulat ang problemang ilalahad nang nalinaw maikli at nauunawaan sa isang kapirasong papel. " Mga sitwasyon ilalahad nang nasa nakatiklop na papel na mabubunot ng bawa't pangkat at pipili ng lider at bubunot ng nakatiklop na papel sa loob ng kahon"

Ang ikalawang pangkat naman ang siyang bubunot ng nakatiklop na papel na nagsasaad ng problema na

inilalahad ng unang pangkat. Babasahin nila ito sa unahan bago bigyan ng kaukulang payo. Maaring tumulong din ang iba sa pagpapayo.

3. **Pagpapahalaga**

Pagkatapos na pagsasatao, punahin ang kanilang paglalahad ng problema/payo.

Naipahayag ba nang malinaw ang problema/payo? Natutuhan ba ng mag-aaral kung paano ang paglalahad ng problema at kaukulang payo?

Sa isang kapirasong papel, piliin ang mga pagpapahalagang Pilipino na nalinang sa isinagawang pagsasatao. Piliin ito sa tsart na ipakikita ng guro

## C. Pagbebenta

**Pamamaraan**

1. **Pagganyak**

Tanungin ang mga mag-aaral kung aling patalastas o komersyal sa radyo o T.V. ang nagugustuhan nila. Ano ang naitutulong nito sa mga nanood o nakikinig.

2. **Paglalahad**

Pag-aralan ninyo kung paano ang pagbebenta ng produkto. Magbenta ng anumam maaaring pagkain, pampaganda,gamit sa katawan o sa bahay o sa pagluluto. Gamitin ang inyong mahusay na pamamahayag o pangungumbinse upang madaling mabili ang inyong produkto. Magpakitang produkto sa mga mamimili at ipakita rin kung paano ito ginagamit.

3. **Pagsasatao**

Bigyan ng pagkakataong makapaghanda ang bawat pangkat upang maisakilos ang kanilang napiling produkto.

4. Pagpapahalaga

Punahin o magbigay ng mungkahi para sa ikauunlad ng mga nagsiganap.

Naipahayag ba ng mag-aaral ang wastong paraan ng pagbebenta? Natutuhan ba nila ang wastong pakikisalamuha sa pagpapahalagang Pilipino ang nalinang sa pagbebenta.

5. Takdang-Gawain

Lumikha ng patalastas tungkol sa ibenentang produkto. Isulat ito sa malaking papel o sa kartolina.

## D. Mabuting Pamumuno

**Pamamaraan**

**1. Pagganyak**

Ganyakin ang mga mag-aaral kung paano magkakaroon ng mabuting samahan ang isang pamilya. Isa sa mga isasagot dito ay ang mabuting pamumuno.

**2. Paglalahad**

Ang bawat pangkat ay bubunot ng nakatiklop na papel. Nasasaad dito ang sitwasyong tungkol sa mabuting pamumuo. Tingnan natin kung paano ito isasa -gawa ng bawat pangkat.

**3. Pangkatang Pagsasatao**

Bigyan ng lima hanggang pitong minuto ang bawat pangkat upang makapaghanda ng kanilang isasataotungkol sa nabunot n sitwasyon.

Naririto ang mga sitwasyon

a. Ipakita kung paano ang mabuting pangangasiwa ng isang ama ng tahanan tungkol sa paglutas ng suliranin sa pamumuhay.

b. Isakilos ang mabuting pangangasiwa ng isang butihing ina sa kanyang mga anak tuwing umaga bago ito'y magsipasok sa paaralan.

c. Magkaroon ng isang pagpupulong ang kabataang Barangay tungkol sa isasagawa nilang proyekto para sa barangay. Binigyan sila ng P 40,000.00 ng gobyerno para sa kanilang proyekto. Ipakita ang mabuting pamumuno ng pangulo.

d. Lima kayong magkakapatid. Ikaw ang panganay. Ipakita ang mabuting pamumuno sa apat mong magkakapatid habang wala ang inyong mga magulang sa bahay

4. Pagpapahalaga

Pakatapos ng pagsasatao ng bawat pangkat, pag-uusapan ang tungkol sa bawat sitwasyon. Kung mayroon pang panahon. Magbigay ng mga mungkahi kung paano mapauunlad ang pagsasagawa nito.

Mga sumusunod ang nalinang sa isinagawang pagsatao.

pagkamalikhain

Pagtitiwala sa karapatang pantao

pananagutanç pampamilya

disipliná pansarili, pagmamakasakit

pagkakaisa

katapatan

5. Takdang-gawain

Magsagawa ng pakikipagpanayam ang bawat pangkat sa

kanilang Barangay Kapitan. Itanong kung anong proyekto ang naisagawa na niya. Paano niya napapanatili ang mabuting pamumuno sa barangay. Itala ang mga kasagutan at iulat sa klase sa susunod na araw.

## II PAGSASADULA

### A. Magalanç ná Pakikipag-usap

Pamamaraan

1. Pagganyak

Tanungin ang mga mag-aaral, anong magagalang na salita ang ginagamit natin kapag nakikipag-usap sa matatanda at may katungkulan? Maaaring isulat ang sagot sa pisara.

2. Paglalahad

Tingnan nating kung magagamit ninyo ito sa mga sitwasyong ilalahad ko sa inyo. Magpangkat-pangkat sa lima at bawat lider ay pipili ng sitwasyon nakasulat sa pisara. Pag-usapan ito sa loob ng lima hanggang pitong minuto.

Naririto ang mga sitwasyon

a. nais mong humingi ng pambili ng damit na susuutin sa party. Paano mo ito sasabihin sa inyong ina na alam mong malaking halaga ang hihingiin mo?

b. Pinagalitan ka ng inyong ama dahil sa pag-uwi mo ng gabing-gabi na kahapon. Subalit ang totoo, nagkaroon kayo ng pulong sa paaralan kaya ka ginabi sa pag-uwi. Paano mo ito ipaliliwanag sa kanya.

c. Mababa ang markang nakuha mo sa isang asignatura. Gusto mong malaman ang dahilan. Paano ka makikipag-usap sa inyong guro?

d. Inutusan ka ng guro mong na magdala ng mahalagang papeles sa opisina. Hindi mo alam kung sino ang taong pagbibigyan nito. Paano ang gagawin mo pagdating sa opisina.

e. Mayroon kang nais hanaping aklat sa silid-aklatan. Hindi mo alam kung saan ito makalagay. Paano ka magtatanong sa gurong tagapamahala.

3. Pangkatang Pasasadula

Bigyang ng lima hanggang pitong minuto ang bawat pangkat upang magsadula ng nabunot nilang sitwasyon. Ang ibang pangkat namam ay sikapin makinig sa usapan.

4. Pagpapahalaga

Naisagawa ba ng mga mag-aaral ang nasasaad sa sitwasyon.

Anong pagpapahalagang Pilipino ang nalinang sa isinagawang pagsasadula? Piliin ang sagot sa tsart.

B. Ano ang Ambisyon Mo

Pamamaraan

1. Paghahanda

Kaugnay ng aralin tungkol sa mabisang pakikipanayam, tanungin ang bawat pangkat kung naisagawa ng bawat pangkat.ang ibinigay na takda. Ipasulat ito sa klase.

2. Paghahanda

Isadula ng bawat pangkat kung paano nila isinagawa ang pakikipanayam tungkol sa napiling kurso. Ipakita kung paano nila isinasagawa ang trabaho upang makatulong sa kapwa.

3. Pangkatang Pagsasadula

Bigyan ng lima hanggang pitong minuto ang bawat pangkat upang maisadula ang kanilang napiling kurso.

4. Pagpapahalaga

Pagkatapos ng pagsasadula na bawat pangkat, pag-usapan ang mga puna o mungkahi para sa ikauunlad nito.

Isulat sa isang kapirasong papel kung anong mga pagpapahalagang Pilipino ang nalinang sa pagsasadula.

Piliin ang sagot sa tsart.

5. Takdanç-gawain

Sumulat ng isang talataan tungkol sa "Ang Aking Ambisyon". Ipasa ito sa susunod na araw.

C. Pagbabagong Nagaganap sa Nagbibinata/Nagdadalaga

Pamamaraan

1. Pangganyak

Tanungin ang mga mag-aaral kung anong gulang nagsisimula ang panahon ng pagbibinata/pagdadalaga. Ano ang mga palatandaan nito. (Maaring ito ang aralin nila kahapon).

2. Paglalahad

Batay sa sarili ninyong karanasan, umisip ng usapan tungkol sa mga pagbabagong nagaganap sa panahon ng pagbibinata o pagdadalaga. Maaaring umarte o kumilos ng mga ginagawa ng mga nagbibinata o pagdadalaga.

3. Pangkatang Pagsasadula

Bigyan ng lima hanggang pitong minuto ang bawat pangkat upang maisadula ang kanilang iskrip.

4. Pagpapahalaga

Naipaalam ba ng mag-aaral ang saloobing moral? Anong mga pagpapahalagang Pilipino ang nalinang sa pagsasadula? Piliin ang sagot sa tsart.

## D. Pakikipagkilala

**Pamamaraan**

1. Paghahanda

Tanungin ang mga mag-aaral kung may karanasan na sila sa pagdalo ng mga pagtitipon o kasayahan. Ipasalaysay ang naranasan nila. Ano ang kabutihan nito?

2. Paglalahad

Kung nakadalo na kayo sa mga kasayahan, mahalaga na matutuhan ninyo ang wastong pakikipagkilala sa mga bagonç kaibigan.

3. Panggkatang Pagsasadula

Subukin natin kung marunong na tayong makipag-kilala o makipag-usap sa mga bagong kakilala.

Hatiin ang klase sa limang pangkat. Ang bawat pangkat ay pipili ng sitwasyon nakasulat sa nakatiklop na papel.

Naririto ang mga sitwasyon

a. Ipakita kung paano ang pakikipagkilala sa isang bagong kaklase ng bagong lipat sa inyong paaralan.

b. Nakadali ka sa isang handaan. May gustong makipagkilala sa iyo. Ipakita ito at gumawa ng usapan.

c. Ipinakilala sa iyo ang pinsan ng iyong

natalik na kaibigan. Bago lamang siyang lipat sa inyong lugal. Paano ka makikipagkilala sa kanya?

d. Makipagkilala sa isang sikat na artista. Nakasakay mo siya sa bus papuntang Baguio.

e. Magpakilala sa isang may-ari ng kompanyang na inirekomenda ng inyong alkalde. Magpiprisintá kang maipasok sa trabaho.

f. Pag-usapan ng bawat pangkat kung ano ang naayon sa sitwasyon. Bigyan ng lima hanggang pitong minuto upang makagawa ng usapan.

4. Pagpapahalaga

Pagkatapos ng pagsasadula ng bawat pangkat. basahin at magbigay ng mungkahi para sa ikabubuti ng pagsasadula ng bawat pangkat.

Anong mga pagpapahalagang Filipino ang nalinang sa "pakikipagkilala". Piliin ang sagot sa tsart.

Natutuhan ba ng mag-aaral kung paano ang salamuha sa kapwa?

## II MGA LARONG PANGWIKA

### A. Salita, Mga Salita

Pamamaraan

1 Pangganyak

Sumulat ng mga titik sa pisara. Ipabasa ito nang pabaybay. Ano ang tawag sa mga ito?

Kapag ang mga titik ay pinagsama at may kahulugan, ito ay nagiging salita ponema.

Halimbawa: binhi-bihis

Ilang tunog o titik ang binubuo ng salitang bihis? Ano ang kahulugan nito.

2. Paglalahad

Nagkakaroon tayo ngayong ng laro sa pagbubuo ng mga salita. Paramihan ng salita. Ang pangkat na makabuo ng maraming salita ang siyang panalo.

3. Pagpapangkat

Bumuo ng tatlong pangkat na binubuo ng tatlong kasapi. Pumunta sa pisara isulat ang mabubuong salita mula sa salitang-ugat na ibibigay ng guro.

Halimbawa: Linis

Mabubuonç mgá salita

| | | |
|---|---|---|
| maglinis | maglilinis | kalinisan |
| malinis | nililinis | tagalinis |
| nilinis | malinis | pinakamalinis |
| linisin | lilinisin | kalinis-linisan |
| naglilinis | naglunis | pagkalinis-linis |
| nalinisan | nalilinisan | pakalinisin |
| linisaî | nililinisaî | napakalinis |

Lumikha ng usapan na ginagamit ang mga salitang nabuo sa pisara.

Isakilos ang alin mang sa salitang nabuo.

4. Pagpapahalaga

Naganyak bang makilahok ang mga mag-aaral sa gawaing pangwika?

Naibigay ba ng mag-aaral ang impormasyong sa pamamagitan ng gawaing pangwika?

Anong mga pagpapahalagang Filipino ang nalinang sa larong pangwika? Piliin sa tsart ang mga sagot.

B. Ugnayan ng mga Salita

Pamamaraan

1. Panggayak

Magbigay ng isang pangungusap ay isulat ito sa pisara.

Tanugin ang mga mag-aaral. Paano nabuo ang pangungusap na ito? Ano kung ang lipon ng mga salita ay hindi buo ang diwa. Ano ang tawag dito?

2. Paglalahad

Hawak ng guro ang dalawang set ng kartolina na may nakasulat na mga salita. Ang isang set at kulay asul. Ang isang set namam ay kulay rosas.

Ipaliliwanag ng guro na ang mga nakasulat sa kartolina at lipon ng mga salita na makabubuo ng mga pangungusap kapag naisaayos nang mabuti.

3. Pagpapangkat

Hatiin ang klase sa lima. Ang bawat pangkat ay bibigyan ng guro ng isang set ng kartolina. Mag-uunahan sila sa pagbubuo ng mga lipon ng salita upang makabuo ng isang pangungusap.

Ang unang makabuo ng tamang pangungusap, mapapansin nila na ang kartolinang kulay rosas ay

nagsasaad ng simuno, ang kulay asul namam ay ang panaguri.

4. Paglalahad

Samakatuwid, upang makabuo ng isang pangungusap, ano ang dapat taglayin nito?

Ano ang kaugnayan ng bawat salita sa isa't-isa?

5. Pagpapayaman ng Aralin

Ang guro ay maaaring kumuha ng ilang mahahalagang pangungusap mula sa kuwentong babasahin. Isulat sa kartolina na katulad ng ginawa sa una. Pagkatapos, hayaang isaayos ito ng mga mag-aaral.

## C. Bugtungan

Pamamaraan

1. Paghahanda

Anong uri ng panitikang ang nauukol sa tagisang ng talino sa paghula sa isang bagay ba inilalarawan? Ito ay sa parang patula inilalahad. Namana natin ito sa ating mga ninuno.

2. Paglalahad

Magkakaroon tayo ngayon ng bugtugan. Maglalaban ang mga babae at lalake. Ang sinumang makasagot ay may kaukulang puntos.

Umisip ng bugtong na naglalarawan ng isang bagay, tao, hayop o lugal. (Halimbawa ang aralin ay tungkol sa pangalan. Ang bugtung ay maaaring likha ng mag-aaral o mula sa aklat.

3. Bugtugan

Pag-uusapan kung sino sa dalawang pangkat ang magsisimula. Isa sa mga mag-aaral ang tagapuntos sa pisara. Ang guro ay magsisilbing taga-hatol at taga-pamatnubay.

4. Pagpapahalaga

Naging kawili-wili na ang isinagawang larong pang

wika?

Naganyak na ang mag-aaral sa makilahok sa laro?

Anong pagpapahalagang Filipino ang malinang sa bugtugan? Piliin sa tsart ang sagot.

D. Bunuï nç Kuwento

Pamamaraan

1. Pagganyak

Ito ay angkop sa aralin tungkol sa pagkukuwento. Sa pamamagitan ng malikhaing kaisipang, ng mga mag-aaral, ganyaking silang gumuhit ng larawan sa pisara. (Hindi kailangan maganda ang larawan basta nauunawaan ng gumuhit ang kanyang ginawa.)

Bigyan pagkakataon ang gustong makaguhit sa pisara.

2. Paglalahad

Sino ang mga nakapaglalarawan ng nakikita sa pisara? (Bigyan ng pagkakataon ang gustong lumikha ng paglalarawan mula sa iginihit sa pisara. Mapapansin nila ang bawat isa ay may kani-kaniyang interpretasyon sa larawang guhit. Tanngapin ng guro ang paglalarawan na hindi nakikita basta't may kaugnayan sa larawan. Maaaring ginagamit ng mag-aaral ang kanyang imhinasyon).

3. Pagbubuo ng Kuwento

Sino sa inyo ang maklilikha ng kuwento mula sa larawang guhit? (Ang kuwento ay maaring dugtugan ng

iba pang mag-aaral. Maaaring gamitin nila ang kanilang imahinasyon sa pagkuwento). Titiyakin ng guro na ang kuwentong nabubuo ay may kaayusan at malinaw ang pagkakalahad. Siya ay magsisilbing tagapamatnubay sa pamamagitan ng pagtatanong.

Ano kaya ang susunod na pangyayari?

Ano ang maaring idugtong natin?

4. Pagpapahalaga

Nagamit ba ng mag-aaral ang kayariang pangwika upang maisagawa ang nais ipahayag?

Naganyak ba ang mag-aaral upang makilahok sa gawainç pangwika?

Anong pagpapahalagang Filipino ang nalinang sa pagbubuo ng kuwento? Piliin ang mga sagot sa tsart.

5. Takdang-aralin

Magdala ng larawan bukas. Sikapin makabuo ng kuwento mula sa dalang larawan. Ito ay maaaring gupitin sa magasin o ginuhit.

## E. Hanapin ang Kapareha Mo

Pamamaraan

1. Paghahanda

Ang gawaing ito ay angkop sa aralin tungkol sa pagbibigay ng kasingkahulungan sa nakasulat sa kartolina. Ang isang set ay ang talasalitaan at ang isa namam set ay ang mga kasingkahulugan nito.

2. Paglalahad

Magkakaroon tayo ng laro sa paghahanap ng kapareha. Kung angkop kayo sa isa't isa, tatayo kayo sa unahan at ipakikita ang hawak na salita.

Tunawag ng isang mag-aaral na ayon sa bilang ng mga salita. Bigyan sila ng tigitig-isang piraso ng kartolina na may nakasulat na salita. Hindi muna ito ipakikita sa iba. Gagawa ng dalawang hanay ang mga kalahok nang magkatalikod.

3. Paghahanap ng Kapareha

Ang guro ay maghuhudyat na humarap sa dalawang hanay. Sila ay iikot nang pakanan habang pagtitinginan ang hawak nilank salita. Ang makatagpo sa kapareha ay aalis na sa linya at tatayo sa isang tabi. Isa-isang isususlat ang nabuong magkasingkahulugang salita sa pisara.

4. Pagpapahalaga

Naibibigay ba ng mag-aaral ang impormasyon sa pamamagitan ng gawaing pangwika?

Napukaw ba ang kawilihan ng mag-aaral sa paghahanap ng kapareha?

Piliin sa tsart ang mga pagpapahalagang Filipino ng nalinang sa larong pangwika.

5. Pagpapayaman ng Aralin

Bigyang kahulugan ang mga salitang magkasig kahulugan sa pamamagitan ng paglikha ng kilos at usapan. (Isagawa ito ng magkapareha)

MGA BANGHAY NG PAGTUTURO SA

PANGKAT KONTROL

# Banghay Aralin ng Pagtuturo

I. Mga Layunin

1. Nakatutukoy at nakapagpapaliwanag ng mga kaisipan sa seleksyon.

2. Napagbabalangkas ayon sa mga kaisipan napapaloob sa sèleksyon.

3. Nakapagpapatunay sa kahalagahan ng pagiging matapat sa pakikitungo sa kapwa.

II. Paksa

a. Pagtukoy at pagpapaliwanag sa mga kaisipan
Durungawan ni M. Prinsipe Bautista
Hiyas ng Wika IV p. 32.34

b. Pagbabalangkas

C. Kahalagahan ng pagiging matapat sa pakikitungo sa kapwa

III Pamamaraan

A. Panimulang Gawain-Pagbuo ng pasel

Punan ng tamang titik ang mga patlang upang mabuo ang salitang naayon sa mga sumusunod na kaisipan.

K_ l_ g

a _ _ n _

_ n _ n

_ a _ _ s

1. dapat pag-ingatan ng tao

2. laging nakasunod

3. maliit na tao

4. dapat sundin

Ano-ano ang nabuong salita?

B. Pagtalakay sa aralin

1. Pangganyak

Naniniwala ba kayong marami sa tao ngayon ang "Plastik? Patunayan.

2. Paunang Pagsubok

Lagyan ng tamang salita ang bawat puwang:

1. Ang ______ ay nagsisilbing pananggol sa init, hangin at ulan.

2. Ito'y tagapagpahayag ang ____ na gumagalaw sa kanyang nasasakop.

3. Ang padabog na pagsara ng durungawan ay nangangahulugan na _____

4. Maganda ang ____ kung ang hiwaga nito ay hindi pa natutuklasan.

5. Ang ____ ay durungawan ng kaluluwa.

3. Paglinang ng Talasalitaan

Gamitin sa pangungusap ang sumusunod na salitang may salungguhit.

a. Nagbabadya ng poot ang kanyang mga mata.

b. Anong hiwaga ng buhay ang naranasan mo?

c. May bakas sa kanyang mukha ang damdaming sumisilang sa kanyang puso.

d.Huwang ka nang magkaila, nababasa ko sa iyong mga mata na mayroon kang tinatago.

4. Pagpapakilala sa may-akda. Pag-ulat ng mag-aaral.

5. Pagtalakay sa binasa

1. Ano ang pamagat ng seleksyong inyong binasa? Ano ang kahalagahan nito? Anong nais ipahiwatig ng may-akda sa pamagat?(Habang sinasagot ang sumusunod na mga tanong,gumagawa ng balangkas ang guro sapisara sa tulong ng mag-aaral).

2. Kung ang durungawan ay inihahalintulad sa tao, ano ang kakayahang taglay nito sa kayarian, sa kaurian, sa kapamuhayan?

3. Paano nagkakatulad ang dalawa kung an paç-uusapan ay ang kahiwagaang taglay

nito? May kagandahan bang nakikita rito?

4. Ipaliwanag ang kaugnayan ng dirunganwan sa buhay ng tao. Paano ito maipaghahmbing?

6. Halagang Pangkatauhan

Paano maiuugnay ang kilos ng tao sa kanyang matapas na pakikipagkapwa? Bakit ito mahalaga?

C. Ebalwasyon

Piliin ang titik ang pinakamalapit na kasagutan.

1. Sinasabing ang mata ay durungawan ng kaluluwa dahil ito'y nakapagpapahayag ng ating

   a. ugali c. katauhan

   b. damdamin d. kilos

2. Ang bukàs na durungawan ay palatandaang ang naninirahan ay:

   a. bukas-palad c. bulang-gugo

   b. may magandanç kalooban d. matulungin

3. Ang buhay ay punonç-puno ng pákikipag-

sapalaran. Ito'y nangangahulugan:

a.kahulugan c. pakikipagtunggalian

b.maraminç suliranin d. pakikipaglaban

4. "Paç may saya, may lumbay", ibig sabihin, ang buhay ay:

a. hindi pulọt saya c. parang gulong

b.di laging malungkot d. mahiwaga

D. Paglalagom

Naging kapaki-pakinabang ba ang aralin ngayon?

E. Paglalapat

Pamaraang Paranggol

1. Laging bukas ang palad mo sa nangangailangan. Kung may lalapit sa iyo, sino sa mga sumusunod ang una mong tutulungan, ang susunod. Bakit?

a. isang kamag-anak na namatayan

b. isang kakilalalang nag-aagaw-buhay

c. isang pamilyang may pitong anak

d. kaibigan na nasunugan

IV Takda

Muling ikuwento ang sanaysay, isulat sa inyong kuwadernong pansanay.

# Banghay-Aralin sa Pagtuturo ng Maiklinç Kuwento

I. Mga Layunin

1. Naibibigayang kahulugan ng mga mahihirap na salita na matatagpuan sa kuwento.

2. Naibibigay ang pangunahing kaisipan sa maikling katha.

3. Naisasadula ang isang pangyayari sa kuwento.

II. Paksang-Aralin

"Mabangis na Lungsod" Ni Efrin R. Abueg

Mga kagamitan: Larawan, sipi ng kuwento

III. Pamamaraan

A. Panggayak

Pagsasadula ng ilang pangyayaring nagaganap sa isang bahagi ng lungsod.

B. Paglinang sa mga salita

Pagtawag ng guro sa mga bata para pumili ng mga mahihirap na salitang hango sa kuwentong binasa.

C. Pagbasa ng guro sa tesksto

Pagtatalakayan

1. Ano ang sinasabin para kay Adong?

2. Bakit sinasabing ang simbahan ay buhay ni Adong

3. Bakit nasasaktan ni Adong sa mga pasaring na naririnig niya sa mga nagsisimba?

4. Totoo ba ang mga pasaring na ito? Patunayan.

5. Anong damdamin ang namamayani kay Adong sa pagkakataong yaon. Bakit?

D. Paglalahad

Ibigay ang lagom ng kuwento

E. Paglalapat

(Papangkat ng gawain)

Pagsasadula sa madulang pangayayari ng kuwento.

IV Kasundan

Magbasa ng isang kuwento tongkol sa kagandahan ng Maynila at ilahad ng pasalita sa klase.

# Banghay-Aralin sa Pagtuturo ng Maikling Kuwento

I. Mga Laayunin

1. Nabibigkas nang may wastong damdamin ang mga kaisipan napapaloob sa tula

2. Naiuugnay sa kasalukuyan lipunan ang mga katotohanan binabanggit ng tauhan sa seleksyon.

3. Napapangatwiran ang mga ilang pangyayari naganap sa buhay ng tauhan.

II Paksang-Aralin

A. "Tatalon" ni Rogelio Sikat

B. Kulintang IV- Panitikan Nina Badayos, Belves. Gugol at Villafuerte

C. Mga kagamitan: Transparency, Overhead Projector

III Istratehiya

A. Panimulang Gawain

- Sinu-sino sa inyo ang nakarating na sa lugar ng mga iskwater? Ano ang masasabi ninyo sa mga tagaroon? Ano ang karaniwang hanapbuhay nila?

B. Pagbasa sa teksto

C. Pagtalakay sa nilalaman

1. Ilawan ninyo kung anong uring pamilya ang binanggit sa dula.

2. Basahin ang bahaging nagpapatunay na mahirap ang pamilya ng welder.
3. Ano ang naging bunga ng mga kahirapan?
4. Kung kayo ang nasa kalagayan ng welder, gagayahin ba ninyo siya? Bakit?

D. Pagpapahalgang Talakyan

1. Paano kunilos o magsalita ang isang lasing? Basahin ninyo ang nagpapahiwatig ng kalungkutan sa buhay ng welder?
2. Anong salita ang nagpapahiwatig ng kalungkutan sa buhay ng welder?
3.. Hanapin nga ninyo ang mga pahayag na nakakaantig ng damdamin

E. Pagpapalawak ng Kaalaman

1. Kung kayo ang welder, mananatili ba kayong titira sa ganoong lugar? bakit?
2. Paano mo maiaahon ang inyong pamilya sa kahirapan?

IV Kasundaun

Makipanayam sa isang pamilyang naninirahan sa ikwater. Alamin ang ikinabubuhay nila.

# Banghay-Aralin sa Pagtuturo ng Maikling Kuwento

I. Mga Layunin

1. Nakapagbibigay kahulugan sa mga kaisipan napapaloob sa kabanata.
2. Nakatutukoy sa mahalagang detalye sa binasa
3. Nakatutukoy sa kahalgahan ng pagsiskap upang magtagumpay.

II. Paksa

Pagbibigay kahulugan

Kabanata VI Si Basilio

Ang Filibusterismo Nina: Madriaga, Ocampo, Dominquez, at iba pa.

Pagpapahalagang Pilipino: Pagsisikap

III Pamamaraan

a. Panimulang Gawain

Pagsasalaysay ng mag-aaral tungkol sa sariling karanasan sa pag-aaral.

1. Pagsasalaysay ng mga mag-aaral
2. Pagtanong ng mag-aaral

b. Pagtalakay sa aralin

1. Pagganyak

Anu-ano ang palatandaan ng taong nais umunlad?

2. Paunang Pagsubok

Turuan kung ano o sino ang tinutukoy

1. Ang maibigan sa kapangyarihan
2. Ang nagmamay-ari ng kagubatan
3. Ang nagapaaral kay Basilio
4. Ang dinadalaw niya sa libingan
5. Ang kursong pinag-aaralan ni Basilio

3. Paglinang ng talasalitaan

Gamitin sa pangungusap ang mga sinalungguhitan salita

parepeke ng kampana

naibulalas ang damdamin

paglalamutak ng palay

4. Pagtalakay sa nilalaman/kasanayan

a. Sino ang pangunahin tauhan sa kabanata?
b. Saan siya nagtungo?
c. Anu-ano ang mga naalala ni Basilio habang siya'y nakaupo sa puntid ng kangyang ina?
d. Paano siya nakapag-aral sa kabila ng pagiging ulila sa mga magulang at kahirapan sa buhay?
e. Ipaliwanag ang kahulugan ng sumusunod na pahayag:

1. Ang karalitaan ay hindi hadlang da pagtatagumpay.

2. Isang bagong daigdig ang nabukdan noon sa kanyang mga mata.

3. Nagdulot sa kanya ng pait ang mga paghamak sa kolehiyo.

4. Pumapasok sa kolehiyo hindi para matuto at mag-aral kundi para makaraan sa paglilitis.

5. Pag-uusap tungkol sa halagang pangkatauhan.

Anong magandang kaisipan ang natutuhan ninyo sa buhay ni Basilio?

Dapat bang tularan si Basilio ng kasalukuyan kabataan? Bakit?

Kayo bilang kabataang mag-aaral, ano ba ang ginagawa ninyong hakbang upang mapaunlad ninyo ang inyong buhay.

C. Paglalagom

a. Anu-anong napakahalagang bagay ang inyong napulot sa kabanatang ating pinag-usapan?

b. Pagsubok

Piliin at isulat ang letra ng wastong sagot:

1. Si Basilio'y ulilang lubos nang iwan ang San Diego upang magtungo sa Maynila. Ang kahulugan ng pahayag at:

   a. walang magulang c. walang kapatid

   b. nag-iisa buhay d. walang kasama

2. Kaya lamang natatawag ang pangalan ay kung sumasagot ng : Adsum na ang ibig sabihin ay:

   a. opo b. hindi po c. wala po

3. Nabalitaan siya ni Kapitan Tiago nang ito'y manalo sa sabong. Si Basilio ay:

   a. nabigyan ng pera

   b. nakigalang sa amo

   c. nakabili ng mga pangangailangan

   d. namahinga sa amo

4. Si Basilio ay nasiyahan lamang nang malipat sa pangatlong taon sapagkat

   a. masaya, palabiro at mapagpatawa ang propesor

   b. tinawag siayang loro ng kanyang propesor

   c. sapul nang tawagin siya ng propesor ay di iot naulit pa

   d. marunong na roon ng wikang Kastila

at nakasasagoô nanç walanç nakatawa.

5. Siya ay magsikap upang mapabuti ang pag-aaral. Siya'y taong:
   a. hindi pabaya sa pag-aaral
   b. nagtitiis para magtagumpay
   c. kumita habang nag-aaral
   d. marunong gumamit ng oras

D. Paglalapat

Pipili ang guro ang sampung mag-aaral.

Itatanong kung saan nila ibig mag-aaral sa darating na pasukan at bakit sa paaralang kanilang pinili ang gusto nila.

Batay sa kanilang mga pangangatwiran, anong katagian ang pinatutunayan nila?

Banghay-Aralin ng Pagtuturo

I. Layunin

1. Nakapagsuri at nakapagtataya sa kaangkupan ng pamagat sa mga suliraning sa seleksyon

2. Natapat ng nakapagpatnubay sa kabutihang handang nga katapatan sa sangkatauhan.

3. Nakabbubuo ng mga pangungusap na ginagamit ng mga pangngalan bilang tuwirang layon, layon ng pang-ukol, paniyak at panawag.

II Paksang- Aralin

a. Kasanayan: Mapanuring Pagkilatis sa binasa

"Tinig" ni Carmen G. Acosta

Hiyas ng Wika IV d. 139-145

b. Katungkulan ng pangngalan, Hiyas ng Wika IV

pp. 27-30

III Pamamaraan

A. Pangganyak

Ano ang nadarama ninyo kapag kayo ay nakagawa ng pagkukulang sa inyong kapwa?

B. Paglinanç nç talasalitaan

Bigyan kahulugan at gamitin sa pangungusap ang mga salitang may salungguhit.

1.Masasal na tibok ng puso ang kanyang

nadarama

2. Lumalakad siyang sumusuray-suray

3. Magagandang pangungusap ang pumulas sa kanyang mga labi.

D. Pagsusuri sa seleksyon

1. Ano ang layunin ng may-akda sa pagsulat ng seleksyon?

2. Maliwanag bang nailarawan sa seleksyon ang layuning ng may-akada? Patunayan.

3. Sa palagay ninyo, angkop ba ang pamagat ng seleksyon?

E. Pagsasanib sa kayariang pangwika

1. Basahin ang sumusunod na mag pangungusap at sabihin kung ano ang gamit ng pangngalan may salunguhit.

   a. Bumili ng mga bungangkahoy si Fidel para sa inang maysakit

   b. Ang kanyang pag-aaral sa pamantasan ay natigil nang mamatay ang kanyang ama.

   c. Si Nene, ang bunsong kapatid ni Fidel ay nag-aalaga sa ina.

2. Kailan masasabing ang pangngalan ay ginagamit na tuwirang layon, layon ng pang-ukol, paniyak

at panawag sa pangungusap?

3. Pagsasanay

   a. Tanungin ang hiningi sa pagsasanay III A, S. A IV p.11

   b. Bumuo ng mga pangungusap na ginagamitan ng pangngalan bilang tuwirang layon, layon ng pang-ukol, panawag at paniyak.

F. Paglalagom/ Paglalahat

Anu-ano ang magagandang kaisipan hatid ng seleksyon?

Anu-ano ang mga tungkulin ng pangngalan tinalakay ninyo sa araw na ito

H. Paglalapat

Interview Chain

Sa interview chain, magsisimula ang guro ng pagtatanong sa isang mag-aaral tungkol sa sarili nito. Pagkatapos sagutin ang tanong ng guro, ang mag-aaral na tinanong ay siya namang magtatanong sa kamag-aral, at magpapatuloy ang kawing na panayam sa ganitong paraan.

IV Takda

Basahin ang "Pag-uwi" ni G. Matute, Hiyas ng Wika IV pp, 130-131.

1. Talasalitaan

   Hindi magkantututo

   pag-uumunat ng mga ugat

2. Bakit gayon na lamang ang pagmamalaki ni Endong hinggil sa kangyang kapatid?

3. Paano pinaghandaan ang ama ang pagdating mo Ariel? pag-aralan ang gamit ng pangngalan bilang panuring sa pangungusap.

# Banghay-Aralin ng Pagtuturo ng Tula

I. Mga Layunin

1. Naipahahayag ang kasamang dulot ng sinaumang paniniwala sa lipunan.

2. Naiuugnay ang pangyayari sa tula na nagaganap sa kasalukuyan panahon.

3. Naipahahayag ang mahalagang kaisipan nais ipabatid ng may akda.

II Paksanç-Aralin

Tula: "Ang Gabi ni Armando Castro" Ni Rio Alma

Tema: Sa kabila ng kaunlaran ng teknolohiya marami parin ang yumayakap sa makalumang paniniwala

III Pamamaraan

A. Panimulang Gawain

1. Tableau: Doctor at Arbularyo

B. Paghawan ng Sagabal (Word Association)

Anu-anong mga salita ang kaugnat ng salitang nabilugan?

Pag-iyak Panangis

Singasing PANAGHOY Hiyas

Daing Hagulhol

C. Unang pagbasa ng guro

D. Pagtalakay

1. Literal

a. Ano ang kalagayan ni Armando?

b. Paano nabibigyan-lunas ang mga karaingan ni Armando? Nakatulong ba ang mga ito sa kanya?

c. Paano namatay si Armando?

2. Interpretasyon

a. Sinu-sino ang mga tinutukoy ng may akda sa taludtod na:

1. Ang kilera ng busilak na pintuan

2. Bawat saksi sa bangkay mo't nagpapahayag na mamatay, na si Armando. Basahin.

3. Kritikal

a. Sa iyong palagay, bakit higit na pinaniniwalaan ang mga kamag-anak mo Armando ang lumang paniniwala? Ipaliwanag.

b. Ang pamahalaan ba ay may kasalanan sa kamangmangan sa mga nakatira sa liblib?

c. Nakasasagabal ba ang lumang pamahiin?

d. Sa palagay ninyo, may kaugnayan ba ang relihiyon sa pagpapanatili ng lumang pamahiin?

4. Paglalapat

a. Kung ikaw ang magulang ni Armando tatangapin mo ba ang uri ng paggagamot sa kanya? Pangatwiran.

b. Poetic Joust

(Magtanghal ng isang pagtatalo sa paraang patula tungkol sa maka luma Vs. makabagong paggagamot).

E. Paglalagom

Bigyan kuru-kuro o pala-palagay amg tema

F. Pagpapayamang Gawain

Pumili ng kahit anong saknong sa tula at isadul sa pamamaraang pabigkas, pantimina.

IV Takdang-Aralin

Basahing muli ang tula at sikaping mapaghandaang maitanghal sa isang pampaaralang palatuntunan

MGA PAKSANG GINAMIT

SA

PANGKAT KONTROL

# SI BASILIO

Dinig ang tugtog ng kampana para sa misa sa hatinggabi. Dahil sa paliit ang buawan kaya ubod ng dilim ang kapaligiran. Tinitiyak ni Basilio na wala siyang kasunod sa paglalakad at saka palihim niyang tinungo ang kagubatan na dati'y pag-aari ng mga Ibarra na ngayon at pag-aari na ni Kapitan Tiyago. Dahil sa katahimikan ng gabi walang naririnig sa pook na iyon kundi ang lagitik ng mga sangang inuuga ng hangin at naglalagaslas ng tubig sa batis.

Halos kalahating oras rin siyang naglalakad, yuko ang ulong para bagang may sa kanyang nilalakaran bagama't palamig ang simoy ng hangin ay pinapawisan siya ng malamig gawa ng kahahawi sa mga yantok at mga baging na nagsalaalabat sa kanyang daraanan. Kinakailangan ding magpalundaglundag siya sa mga bato sa pagtawid sa batis, kayramimg ulit siyang nabangga "natisod"at nakaramdam ng kirot sa silit na nagkalat sa kanyang nadaraanan.

Sa harap ng bunton ng mga bato, malapit sa puno ng balete… nag-alis ng sumbrero at taimtim na nanalangin para sa inang doon ay nakalibing ng labing tatlong taon na ang nakaraan. Naging panata na niya ana dumalaw sa puntod na iyon tuwing siya'y umuuwi. Ito muna bago ang lahat, maging ang pagdalaw sa mag-anak ni Kabesang Tales.

Samantalang nakausap sa isang bato ay muling nanariwa sa kanyang gunita ang nakalipas na panahon na sa bawat sandali ay hindi nakatkat sa kanyang isipan. Noon.. habang ang lahat ay nagsasaya,isang batang sugatan papilay-pilay, limahid ang damit ang nanghoy sa harap ng bangkay ng inang nabaliw sa pook na iyon, sa kanyang pag-iisa, may isang lalaking dumating at nag-utos sa kanyang manguha ng kahot at magsiga. Dala ng matinding kalituhan sa mapait na takbo ng pangyayari, pikit-mata siyang sumunod matapos marinig ang tungkolsa pag-sunog ng bangkay, kayamanang nakabaon at pag-aaral. Pagbalik niya ay bangkay na rin ang nag-utos kasama ng kanyang inang binabantayan ng isang lalaki. Napakabilis ang mga pangyayari. Pagkatapos nilang masunog ang bangkay ng ina,inabutan siya ng mga labi at matangos na ilong sa kamahigpit, na tinaguguli.

Walang dahilan para hindi siya sumunod, iniwan niya ang bayang iyon na may mga makapangyarihang labis niyang kinasisindakan. Palibhansa'y murang isip, lumuwas siys sa Maynila upang makipagsapalaran, magpaalila at makapag-aral upang magkaroon ng panibagong buhay. Maraming hirap ang tiniis niya sa paglalakbay. Sa tuwina'y nakararandam ng gutom sapagkat bungang-kahoy lamang sa gubat ang kanyang kinakain at kapag nakikita ng mga guwardya sibil ay

nagugunita niya ang kanyang kasawian.

May sakit at gula-gulanit ang damit nang siya'y sumapit sa Maynila. Dumulog sa bahay-bahay at nagprisintang alila subalit walang ibig tumanggap sa kanya. Lalong nalipas ang kawalang pag-asa nang mabigo. Makailang ulit na siyang tinangkang magpasagasa sa mga mabibilit tumakbong kabayo na may mga karwaheng nagkikislapan upang matapos na ang kanyang paghihirap. Sa minsang paglilipat, nasulyapan niya sina KapitanTiago at Tiya Isabel sakay ng karawahe at kahahatid lamang kay Maria Clara sa kumbento. Sinundan niya, ngunit nawala sa paningin. Ipinagtanong ang tinitirhan at natunton naman. Dahil sa tindi ng kalungkutan sa pagmumungha ni Maria Clara, tinanggap siyang alilang walang bayad at pinayagang mag-aral sa San Juan de Letran.

Simula noon, tuwing Pasko, sila'y umuuwi ni Kapitan Tiago sa San Diego, sa puntod ng ina,inihihiga ang lahat ng sama ng loob ba dulot ng mga paghamak at pang-aapi ng kanyang kamag-aral at mga guro. Walong buwang siyang hindi natawag sa klase maliban sa pagsagot ng ADSum tuwing matatawag ang kanyang pangalan. Gayon man, naisasauli niya ang kanilang aralin pati kuwit, bagamat bahagya nang maintindihan. Sa huli, mula noon ay kinagiliwan na siya ng guro, at dahil pa rin sa sipag at tiyaga ay nakamit niya ang notang "Sobresaliente". Labis itong ikinatuwa ni

Kapitan Tiago at hinimok niyang lumipat sa Ateneo Municipal at dala na rin marahil ng pagkapoot niya sa mga prayle simula nang magmongha si Maria Clara.

Malaki ang pagkakaiba ng Ateneo sa paaralang pinanggalingan. Natuklasan niya ang mabisang pagtuturo at mala-sakit ng mga gurong, matuto ang mga mag-aaral. Kinakailangang mag-aral siyang mabuti upang makaagapay sa mga nauna sa kanya roon. Sumailalim siya sa paglilitis ng mga Dominiko na dumalaw roon upang magsiyasat bago niya tinanggap ang katibayan sa pagkabatsilyer. Labis na nasiyahan ang kanyang mga guro lalo na nang malamang sa San Juan de Letran siya naunang nag-aral ng Latin. Nais sana ni Kapitan Tiago na pagkamanananggol at pag-aralan ni Basilio ngunit naisip niyang hindi sapat ang kaalaman sa batas at katalinuhan. Kailangan din ng maraming kaibigan at kakilala sa mataas na lipunan bago ka makapagpanalo ng mga kaso bukod pa sa kailangan ding maging madulas ang dila sa paglulubid ng kung anu-ano. Dahil dito, kinalimutan na lamang ni Kapitan Tiyago ang kagustuhan malibre sa abogado. Pumayag na rin siya sa hilig ng binata at kung doktor na ito makapaglalagay na siya ng lason sa tari ng kanyang manok.

Pinag-ibayo ng Basilio ang pagsisikap, naging maganda na ang takbo ng kanyang buhay, kumikita na siya ng unti-

unting pambili ng damit at may kaunti pang naitatago, Yaon ang huling taon niya sa medesina, dalawang buwan na lamang at magiging doktor na siya. Siya ang nahirang na bumigkas ng pasasalamat sa araw ng pagtatapos. Parang nagugunita niya na sa kanyang pagbigkas ay hinahangaan at tinitingnan ng mga propesor. Lahat ay nakikinig sa kanya pati na marahil ang ilan na noong araw ay muntik nang sumagawa sa kanya. Naisip niyang noon pa lamang makakarinig ng mga salitang magmulat sa mata ng mga dukhang mag-aaral sa haharapin.

Dimag-laon bubuti ang kanyang buhay. Siya ay uuwi sa San Diego at magpapakasal sila ng piling mga magigiting na supling.

Nang malaman, nasanay na rin siya sa gayong buhay. Maging ang hayagang pakitang giliw ng kanyang mga guro sa mga kamag-aral na kastila,maharot, mayaman at wala talagang hilig sa pag-aaral maliban sa makapasa ay hindi na niya pinapansin.

Minsan ay natawag si Basilio. Nasagot niya ang kaisa-isang tanong na inuukol sa kanya. Wala siyang iniwas sa isang makinang hindi humihinto, gayon na lamang ang halakhakan ng kanyang mga kamag-aral. Nagtamo siya ng notang aprobado mula sa kanyang nakangising propesor. Siya lamang ang nakapasa sa sampung nilitis. Sampu-sampo ang

paglilitis para matapos agad.

Nang sumunod na taon ay binigyan siya ng malaking pabuya ni Kapitan Tiago dahil sa ang inaalagaan niyang tinalo ay nanalo. Bumili siya ng sapatos at damit at iba pang gamit sa pag-aaral. Subalit di dapat ang mga ito upang makatawag pansin ng isang guro. Gayon man, nagpatuloy siya at nagtiyaga.

Nang siya ay nasa ikatlong taon na ay bumuti-buti ang kanyang kapalaran. 'Nagkaroon siya ng gurong mapagbiro at mahilig sa anumang mapagkakatuwaan. Napuna nga guro ang pagkamalungkutin ni Basilio, inakala niyang ito'y makakaibang isipan kaya sa araw,ay tinangka niyang gipitin sa pagtatanong ng leksiyon. Subalit gayon na lamang anç kabiglaanan ng guro nang masagot ni Basilio ang mga tanong nang walang kagatul-gatol. Marunong na kasi noon ng kastila. Sa kabiguang tinamo ng guro ay hindi na muling tinañong ang binata.

DURUNGAWAN

Ni Manuel Principle Bautista

May nahalagang kaugnayan sa buhay ng isang nilikha ang durungawas maging sa isang bahay na bato o giray-giray na dampa. Ito ay nagsisilbing tagapagpahayag ng damdaming gumagalaw sa kanyang nasasakop na paligid: Ang buhay na nag-bubukas at nagpipinid sa kanyang katauhan. Sapagkat ang damdaming sumisilang mula sa puso ay malinaw na mababakas sa mukha,sa labi o mata ng isang nilalang. Kaya ang damdaming sumusungaw sa kanyang mga dahon kung sakaling nabubuksan ay hindi maaring maikaila.

Ang pagiging masayahin o malungkutin ng buhay na inaangkin ng kanyang paligid ay makikita sa pagsisimula ng buhay. Ang pagdabog na pagpipinid ay makikita ng kanyang mga dahon ay maaaring mangahulugan ng pagkapoot o ng kasiyahan sa matahan niyang pagbawi upang hayaang makapaglagos ang liwanag sa kanyang inililihim na kalooban kung gabi.

Ganyan ang durungawan: may puso at damdamin, napopoot, natutuwa, umiiyak at humahalakhak.

Ang kanyang kayarian ay maaring maging sawali, pinagtagpitagping mga karton at sunog na yero o matigas na kahoy na binubuo ng maliit na parisukat na salamim o

mumurahing kapis. Ngunit ano man ang kanyang naging kayarian, ang pagkukunwari o pagbabalatkayo ay hindi niya inangkin. Sapagkat ang buhay na tumitibok sa kanyang paligid ay ang katitihanang nagaganap sa kanya ay ang kanyang kabuuan sa bawat sandali.

Ang kasaganaan at pagdarahop at taglay niya na katulad ng isang karaniwang nilikha. Ngayon ay maaring nakahiyas sa kanya ang mamahaling kurtina ay nawalang katulad ng nagdaraang hangin upang malantad pagkatapos ang kanyang hubad na kaayusan sa mga susunod na araw. Ang batas ng buhay ay hindi maaring mabago kaya sa matuling daloy ng mga pangyayari ay kasama siyang tangay-tangay nito sa bawat saglit. Sapagkat ang tadhana ay hindi maaaring iwasan. Anç tao ay isang larawan lamang ito. At ang durungawan ay isang bahaging hindi humihiwalay sa kanyang kapamuhayan bilang pananggol sa hangin, ulan at init.

Sumusungaw sa kanya ang isang matimyas na ngiti kung ito ay nakapamilaylay sa labi ng isang nasisisyahang nilalang. At mababakas sa kanya ang tanda ng hirap at pagdarahop.

Higit sa lahat, ang kagandahan ng buhay ay nasa isang nakapinid na durungawan. Ang lihim na napapaloob doon ay puno ng hiwagang nakalagok sa pananabik ng sinumang may

marubdob na pagnanais na tumingin at makatarok sa mga bagay-bagay na ikinukubli. Tiyak na maganda ang buhay kung ang hiwaga nito ay hindi pa natutuklasan. Ngunit, sa sandaling maunawaan mo ang kahiwagang taglay nito, ang kagandahan ay hindi na magiging ganap sapagkat ang pananabik ay hindi nadarama: naglalaho at nagmaliw. Kaiba ang kagandahang pinananabikan lagi ng humahangang mata kaysa kagandahan hindi pagdudulot ng matinding pagnanais sa isang tumitingin.

Maraming uri ng durungawan. May durungawan minsan lamang kung mapinid at mabuksan. May mga durungawan animo aklat na lagi nang nakatiklop ang mga dahon. May mga durungawang mapinid-mabuksan. Ang ganitong uri ang mga durungawan ay hindi nagtataglay ng katangiang kanais-nais sa tumitingin mata. Ang durungawan ay may sariling kaanyuang dapat sumunod sa ipinag-utos ng kanyang likas na kagandaha at hindi sa huwad o pilit na kalikasan ng hindi umaayon sa kanyang tunay na kaanyuan. Maganda ang durungawan at hindi pa nabubuksan kaya hindi pa natin alam ang tunay na anyo nito o ang kabuan nito.

Ang mata ay durungawan ng kaluluwa. Ang durungawan ay siyang kaluluwa ng mga nilikhang bahagié niya. Sa nakabulas na dahon nito ay sumusungaw ang tunay na damdaming kimkim ng mga nilalang na humihingi at tumitibok sa kanyang kaisipan.

Sa kanya au nakalantad ang patunay na kaanyuan ng buhay na hindi mapagkunwari: ang buti at sama. Ang durungawan!.

# ANG GABI NI ARMANDO CASTRO

ni Rio Alma

Si Armando Castro ay isang kapit-bahay, ay isang kababata na noong Hulyo 4, 1970 ay namatay sanhi ng sinaunang paniniwala at panatismo. Dinapuan siya ng isang di-na-nasuring karamdaman, at ilangmapaniwalang kamag-anak ng maysakit ay itinali ang dalawang panatikong kamag-anak sa isang "papag",ayon sa mga ritwal ng "paggamot sa kinuluma". Dahil sa parusang kinamtan, hindi na siya inabot ng bukang liwayway.

1

Bawat saksi sa bangkay mo'y salarin din.
Nahimbing ba ang paligid
Samantalang nilalagnat sa hiyaw mo ang magdamag
May hindi bang nakapikit
Sa balaraw ng panaghoy, nanlamig at duguan,
Habang ikaw ay sakbibi ng deliryo't karahasan?
Ay Armando.
Bawat puso'y alumpit, bawat karne'y naaagnas
Sa asido at alkohol
Ngunit dilim ang naghari sa gulugod ng bana.
Ay Armando.
Bawat saksi sa gabi mo'y biktima rin,
Ipiniit sa hukbulang sapot-agiw ng anito't pamahiin
Ang bisig at kaluluwa, isininsel sa balakang
Ang singasing ng tikbalang at bihot ng karre't asuwang,
Ibibabad pati dila sa misteryo ng antigong paniwala,
Samantalang gumuguhit ang engkanto
Ang paralisadong dasal.
Si Mang Ponsong, Aling tale.
Si Ka sario, Tata Selo, Naná Idrang
Kuyang Huaning, Ditsang Lagring.

Inang, Tatang.
Nagbalisa ang matsira sa duluhan.
Nangangimbal pati manok at bubuli,
May nalaglag na bituin sa tumana;
Kapagdaka'y sinusungganban ng kung anong dambuhala.
Ay Anung lamig ng asaral at ararong
Nakatarak sa paanan ng haligi!
Nasaan ba ang luha ng alitaptap?
Bakit ngyo'y nanunut
Sa pusikit na himay may ng dayami't damong-parang
Ang Kandila't alitangya?

2

Bawat butil ng rosaryo.
Bawat letra ng panaghoy.
Bawat iwa at hagupit.
Nauudlot sa pagsulong ang orasan,
Nakukurap sa pagpinting ang planeta at estrelya,
Umaatras, bumabalik sa malumot na kuna ng mga siglo
Sa gabi ng nagbabaga at ulyaning mga bulkan
Sa ugat ng mga musmos na halaman,
Sa silid ng maalamat at gusgusing mga yungib
Bakit nga ba hindi pantay ang liwanag?
Bakit nga ba may bahaging namihasa sa karimlan?
Tumututol mabinyagan ng umaga
Pikit-matang kumakapit sa pagong ng nakaraan
Samantalang nabubuksan sa dawang ng pikit-mata
Ang sariwa't aliwalas ng larangan?

Ay Armando
Bawat butil ng rosaryo
Humuhulas ng semento at aspalto
Sa Kalsadang dati'y pugad-alikabok
Bawat letra ng panaghoy,
Nahuhunos ng mayuming huning-pipit
Ang singasing ng traktora't trilyadora
Bawat iwa ng hagupit
Umaandap ang bombilya, umiilap ang koryente
Ng playadong mga motor.
Pagkat ngayon, sa pagitan ng hiniga't kamatayan.
Sagisag ka at biktima
Ng kamandag at kahapong dala-dala nating lahat,
Ng kahapong nakasuksok sa ulilang paminggalan.
Sa gulanit na tabike ng kubakob,
Sa masangsang na insenso at leprosong mga kalmen
Ng kahapon nagbabasbas ng tag-ulan.

Sa bitak ng mga tigang na gilagid at bituka
Ng kahapong nagbubudbod ng ulat at nikotina
Sa pandamag binubulag ng dalita
Ng kahapong nararapat na hukayin'
Bunutin sa ating ugat, sa balikat, siko't singit,
Hugasan sa gasolina
At silaban

3

Sa pagitan ng hininga't kamatayan
Ayaw ka na sanang buksan ang sugat ng iyong gabi.
Ayaw ko nang baksin pa ang latay ng iyong lumbay,
Ngunit ngayo'y bumibiling sa gunita
Ang resetang kamangmanga
Nahihibang ka sa lagnat
At ang tawas ng esperma'y "kinukulam"
Dumaing kang nagugutom,
Sumigaw kang nauuhaw,
Tinimbaan ka ng tubig.
Nang manghingi ka ng habag
Tinisukas ka ng pako.

Bawat butin ng rosaryo.
Abo't letra ng panaghot.
Naiigot ang papag ng bibitayan.
Bawat iwa at hagupit.
Tumayakas ang bulaklak ng hininga

Arman! Armando!

Samantalang nakatanghal sa ospital at klinika
Ang hilera ng busilak na pintuan
Aô estante ng mabulat na kapsula
Narito ka't ginagamot sa milagro
Ng parusa at malagim na dalangin
Samantalang nagbubuyi ang daigdig
Sa tinistis na atomo at mikrobyo ng paglikha,
Narito ka't nakaburol, isanç martir
Sa papag ng antikwadong kamangmangan
Ay Armando
May naluoy na hininga sa larangan
May nalagas na paningin sa madilim na kalyehon
Ngunit ikaw, nang mapugto ang pag-ungol
Ay sariwang dokumento ng trahedyang
Dapat sana'y malaon nang inilibing ng panahon

4

Ito nga ba yaong anak ng tag-araw
Na payapang sumusikat sa patutong ng bughaw,
Hanggang gabi'y kaulayaw ng malit at amorseko
Sa samparang walang lilim?

Ito nga ba ang bathalá ng bukirin,
Humahamom sa banta ng mga kidlat sa Enero,
Samantalang naglalakbay ang pangarap
Sapiling ng naglalarong saranggola
Ito nga ba ang bihasang mandirigma
Sa subyang nga mga linang at bendiyon ula't init
Habang pigil ang arao at pamitik?

Ito nga ba ang dangal ng anak-pawis?
Bakit ngayo'y giniginaw sá harap.ng nilekado
At selyadong mata'y bibig
Ang nakakulob na panangis ng kanayon at kapatid?

Bawat upos ng kandila sa retina'y nag-iiwan
Ng pataw na mga sumbat sa naiwan,
At dadalahin ng sinuman sa ulilang pagmumuni
Uusalin nang tahimik sa umaga't dapithapon.

Bawat sugat na masalt sa malamig na katawan
At matalas ng patalim sa sinumang naglalamay,
Linagot ang pusod ng nakaraan,
Inuusig ang kalansay ng naagnas na balete at ninuno

# TATALON

Ni Rogelio Sikat

Tauhan: Isang may singkuwenta'y anyos na dyipni drayber (Nakaupo sa mga pinagpatong na lumang goma. Bahagyang nakainom. May binabasang tabloyd.)

Pagkaraan ng ilang saglit.

E--- hi-hi… nagbasa "ko ng dyaryo. Naiwan no'ng pasahero.

(Tatayo)

Nasira'ng dyip at kanginá ko pa hinihintay ang hila. Ang hirap nito.. . hi- hi baka 'yong kasama kong hihila ang nasiraan ng ulo. Aba'y kanina pa 'ko naghihintay.

Uminom na lang tuloy ako. Dalawanç shot. Hi-hi.

(Itatabi ang diyaryo)

Malungkot. Itataas na namam daw ang mga presyo--

Sigurado, tataas na namam ang lahat.

Tsk. Maloloko ka.

sabi tuloy ng misis ko ni kumander-kapat namamalengke raw siya'y para siyang laging nawawalan o nadudukutan.

Di ba n'yo nararanasan 'yan.

Tsk. Grabe--

